# *Ang Makapangyarihang Diyos Na Nalantad Sa Ating Harapan*

Mayroon akong ilang Kasulatang isinulat kung saan ay nais kong mangusap sa inyo galing, at ako'y nagtitiwala na pagpapalain ng Diyos ang ating mga mahinang pagsisikap. Ngayon, maraming tao ang nagtataka kung bakit tayo ay napakakakaiba at napakaingay. Alam ninyo, ito'y isang uri ng kakaibang tipo ng—ng isang pagtitipon kaysa sa—sa kinasanayan ng mga taong makita; at karaniwan ang lahat ay tila nasa putol at tuyong anyo. Ngunit kapag kami'y dumadalo sa mga pagtitipong ito (na naging pribilehiyo ko na ngayon sa loob ng maraming taon mula nang ang mga ito'y pasimulan), kung hindi natin halos alam kung ano'ng gagawin natin, tayo'y basta na lamang dumarating at isinusuko ang ating mga sarili. Iyan lamang ang tanging alam nating gawin, at ang Diyos na ang gagawa ng iba pa. Kaya't ito ang nagbubunsod sa atin na maging mga taong kakaiba kung kumilos.

Noong isang araw ay may nagsabi, "Alam mo, kayo talagang mga tao kayo ay isang—isang kakaiba."

At ang sabi ko, "Aba sa—sa palagay ko ay gayon nga kami."

At naaalala ko ang isa sa mga pagtitipon. Si Kapatid na Troy ay nagkuwento sa akin minsan tungkol sa isang munting Aleman na nagsabing tinanggap na niya ang Bautismo ng Espiritu Santo. At nang sumunod na araw doon sa talyer, na kaniyang pinagtatrabahuhan, ay itinaas niya ang kaniyang mga kamay, at nagpuri sa Panginoon, at nagsalita ng mga wika, at nagpatuloy nang labis. At sa wakas, lumapit ang amo at nagsabi, "Heinie, ano'ng nangyayari sa iyo?"

Aniya, "O, ako'y naligtas." Aniya, "Ang puso ko'y labis na nag-uumapaw sa kagalakan."

Aniya, "Aba, marahil ay sumama ka sa bungkos ng mga twerka doon sa ibaba."

Aniya, "Oo! Luwalhati sa Diyos!" ang sabi, "Salamat sa Panginoon dahil sa mga tuwerka." Aniya—aniya, "Kunin mo ang isang awto na umaandar sa kalsada." Ang sabi, "Tanggalin mo ang lahat ng tuwerka nito, walang matitira kundi isang bungkos ng 'basurang-bakal'." At iyo'y talagang-talagang tama, alam ninyo.

Isang araw sa California, ako'y naglalakad sa mga lansangan ng Los Angeles, at nakakita ako ng isang lalaking may karatula sa kaniyang dibdib at dito; at ang sabi nito, "Ako'y hangal para kay Cristo." At lahat ay nakatingin sa kaniya, at napansin kong sila'y lumilingon at tumitingin pagkatapos ng siya'y nakalampas na. At naisip kong tularan ang ginagawa nila. At sa—kaniyang likod ay ang sabi niya, "Kanino ka namang hangal?" Sa palagay ko'y tayo'y tila kakatuwa sa isa't-isa, alam n'yo. Ngunit, alam n'yo, ang sanlibutan ay nalalagay sa isang uka, hanggang sa ang isang bagay na kakaiba ay ginawa itong napakakakatuwa, hanggang sa ang mga tao'y nagpapalagay na ito'y isang—bagay na mali. At kadalasan ay kailangan pang gumawa ng isang bagay ang Diyos na hindi karaniwan upang muling maipanumbalik ang mga tao sa Biblia.

Naiisip ko na si Noe ay tila isang—isang hangal sa makaagham na panahong iyon na kinabuhayan niya, sapagkat sila ay—mapapatunayan nila na walang tubig sa kalangitan. Ngunit sinabi ng Diyos na magkakaroon ng ilan doon, kaya't si Noe na nangaral at naniniwala roon, ay nagmistulang isang hangal. At naisip ko nang si Moises ay magtungo sa Egipto, siya ay nagmistulang isang—isang hangal kay Faraon; ngunit alalahanin, si Faraon din naman ay isang hangal para sa kaniya. Kaya sila'y . . . Napagtanto natin iyan.

Maging si Jesus man ay itinuring na isang erehe. Iya'y tama. Si Martin Luther ay isang hangal sa iglesia Catolico, at si John Wesley ay isang hangal sa mga Anglicano. Kaya't alam n'yo, ito na marahil ang panahon para sa isa pang hangal; hindi ba ganito rin ang palagay n'yo? Ngunit bago pa magkaroon ng isang tuwerka, alam n'yo, kailangang magkaroon muna ng isang turnilyo upang mapagroskasan nito. Kaya alam n'yo, si Noe sa kaniyang pagiging tuwerka, kaniyang . . . Kinuha niya ang tuwerka, binubunot nito ang turnilyo—hinihila nito ang ilang bagay na magkasama at tinatanganan ang mga bagay na magkakasama. Kaya't nagawa ni Noe na hatakin ang lahat ng mananampalataya sa loob ng arka palayo sa mga kahatulan sa pamamagitan ng pagiging isang tuwerka.

Nalaman natin na hinatak ni Moises ang Iglesia palabas sa Egipto sa pamamagitan ng pagiging isang tuwerka. Iya'y tama. Sa palagay ko ay kailangan natin ng isang tuwerka ngayon upang hatakin ang Nobya palabas sa iglesia. Kailangan natin ng bagay na ito ngayon, isa pa uli.

Kaya tayo ay isang napakakakatuwang uri ng mga tao. At naisip ko ngayong gabi, kung loloobin ng Panginoon, ay sisikapin kong magbasa ng ilang Kasulatang nauukol dito, at mangungusap sa inyo sa ilang mga sandali, at sisikaping ipakita sa inyo kung bakit tayo ay isang kakatuwang katauhan.

Tayo ay tumungo sa mga Kasulatan ngayon sa mga taga-Filipos sa ikalawang kabanata, talatang 1 at 8, at sa II Corinto 3:6; at basahin natin, habang tayo'y nananampalataya, sa Salita ng Diyos. At ngayon, bago tayo bumasa, iyuko natin ang ating mga ulo para sa panalangin.

Mabiyayang Amang Makalangit, kami'y tunay na mga taong may pribilehiyo ngayong gabi upang mabuhay sa kapanahunang ito, at upang makita ang mga bagay na nakikita naming nagaganap, at upang malaman na ang panahon ay napakalapit na kung kailan si Jesus ay paririto para sa Kaniyang Iglesia. O, ito'y nakapagpapasigla ng aming mga puso, Panginoon.

At habang aming tinutunghayan ang mga pahina ngayong gabi, dalangin namin na bigyan Mo kami ng isang nilalaman mula sa tekstong ito; at nawa ay ipahayag ng Espiritu Santo sa aming mga puso ang mga bagay na magiging mabuti at kalugud-lugod sa Diyos. Dahil ito ay hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Alam n'yo, sa palagay ko'y may ipagagawa ako sa inyo. Ako—ako ay madalas na humihiling ng ilang mga bagay na kakatuwa, at nawa'y hindi ako humihiling ng anumang bagay na labis na kakatuwa. Ngunit kapag tayo ay nanunumpa ng katapatan sa watawat, lahat tayo ay tumatayo; at—at habang dumaraan ang watawat, tayo ay tumatayo—na siyang dapat nating gawin; at tayo ay tumatayo upang sumaludo. Tayo'y tumayo habang binabasa natin ang Salita, kung mamarapatin n'yo. II Corinto 3:6:

> *Na . . . sa amin ay nagpaging sapat na mga ministro ng bagong tipan; hindi ng titik, kundi ng espiritu: sapagka't ang titik ay pumapatay, datapuwa't ang espiritu ay nagbibigay ng buhay.*
>
> *Nguni't kung—Nguni't kung ang pangangasiwa ng kamatayan, na nasusulat at nauukit sa mga bato, ay nangyaring may kaluwalhatian, ano pa't ang mga anak ni Israel ay hindi makatitig sa mukha ni Moises dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatiang ito'y lumilipas:*
>
> *Paanong hindi lalong magkakaroon ng kaluwalhatian ang pangangasiwa ng espiritu?*
>
> *Sapagka't kung ang pangangasiwa ng kahatulan ay* pinaging *maluwalhati, ay bagkus pa ngang higit na sagana sa kaluwalhatian ang pangangasiwang ukol sa katuwiran.*
>
> *Sapagka't katotohanang ang pinaluwalhati ay hindi pinaluwalhati sa bagay na ito, ng dahil sa kaluwalhatiang sumasagana.*

*Sapagka't kung ang lumilipas ay may kaluwalhatian,* gaano o—*ay lalo pang nananatili ay nasa kaluwalhatian.*

*Yaman ngang mayroong gayong pagasa, ay ginagamit namin ang buong katapangan ng pananalita.*

*At hindi gaya ni Moises, na nagtalukbong ng kaniyang mukha, upang ang mga anak ni Israel ay huwag magsititig sa katapusan niyaong lumilipas:*

*Datapuwa't ang kanilang mga pag-iisip ay nagsitigas: sapagka't hanggang sa araw na ito pagka binabasa ang matandang tipan; ang talukbong ding iyon ay nananatili na hindi itinataas na ito'y naalis sa pamamagitan ni Cristo.*

*Datapuwa't hanggang sa araw na ito, kailan ma't binabasa ang mga aklat ni Moises, ay may isang talukbong na nakatakip sa kanilang puso.*

*Nguni't kailan ma't* maibalik *sa Panginoon, ay maaalis ang talukbong.*

Hindi . . . *Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu: at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan.*

*Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang* mga mukha na tumitinging *gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon,* ay nababago tayo sa *gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu.*

At sa Filipos 2, mababasa natin ito (simula sa una at babasa tayo hanggang sa ika-8 talata):

*Kaya nga kung mayroong anomang kasiglahan kay Cristo, kung mayroong anomang kaaliwan ng pag-ibig, . . . mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, mayroong anomang mahinahong mga awa ng* habag,

*Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pag-iisip, mangagtataglay ng isa ring pag-ibig, na mangagkaisa ng akala,* at . . . *isa lamang pag-iisip.*

*Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampi-kampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo; kundi sa kababaan ng pag-iisip, na ipalagay ng bawa't isa* ang iba *na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili.*

*Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay . . . mga bagay ng iba.*

*Mangagkaroon kayo sa inyo ng pag-iisip, na siyang na kay Cristo Jesus din naman:*

*Na siya, bagama't nasa anyong Diyos, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Diyos:*

*Kundi bagkus ang sarili'y ginawang walang karangalan, at nag-anyong alipin, na nakitulad sa mga anyo ng tao:*

*At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, at naging masunurin hanggang sa kamatayan, maging hanggang, sa kamatayan sa krus*.

Tayo ay manalangin. Makalangit na Ama, ang dakilang Salitang ito na binasa ngayong gabi mula sa Iyong Banal na Kasulatan, gawin Mo Itong napakatotoo sa aming mga puso, na kami'y aalis mula rito katulad niyaong mga nanggaling sa Emaus, na nagsabing, "Hindi baga nag-aalab ang ating mga puso sa loob natin habang tayo'y kinakausap Niya sa daan," sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. (Maaari na kayong maupo.)

Ngayon, ito ay isang lubos na kakatuwang paksa, ngunit sa palagay ko ito'y lubos na angkop para sa okasyong ito. Nais kong mangusap tungkol sa paksang, *Ang Makapangyarihang Diyos Na Nalantad Sa Ating Harapan*.

Ngayon, mula pa nang magkaroon ng tao, mayroon ng kagutuman sa puso ng tao upang malaman kung saan siya nagmula, at ano'ng dahilan kung bakit siya naririto, at kung saan siya patutungo. Iisa lamang ang makatutugon niyan; iyon ay yaong Isang nagdala sa kaniya rito. At ninasa na ng tao na makita ang Diyos.

Doon sa Lumang Tipan nalaman natin na nilambungan ng Diyos ang Kaniyang sarili sa mga hindi mananampalataya. Ang Diyos ay mayroong napakakakaibang pamamaraan ng pakikitungo sa mga tao. Ikinukubli Niya ang Kaniyang sarili sa hindi mananampalataya at inihahayag ang Kaniyang sarili sa mananampalataya. Ginagawa iyon ng Diyos. Pinasalamatan ni Jesus ang Ama dahil inilihim Niya ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino at inihayag ito sa mga sanggol na nais matuto. Kaya nakita natin na hindi binababago ng Diyos ang Kaniyang kalikasan, at lagi Niyang ginagawa ang Kaniyang gawa nang magkapareho. Nalaman natin sa Malakias 3, na Kaniyang sinabi, "Ako ang Panginoon, at hindi Ako nagbabago." Kaya Siya ay gumagawa sa gayon ding panuntunan sa lahat ng panahon.

Ngayon, tatalakayin natin ang isa sa pinakamatandang Aklat ng Biblia. Nang si Job, isa sa mga pinakamatuwid na lalaki sa kaniyang panahon, isang taong sakdal sa mga kautusan

ng Diyos—isang alipin, marangal, kagalang-galang na alipin—na pati na ang Diyos ay nagsabing, "Walang katulad niya sa lupa". . . Ngunit minsan ay nagkaroon siya ng hangarin, ang makita ang Diyos . . . Batid niya na mayroong Diyos, at sa pakiramdam niya ay nais niya Siyang makita, o dili kaya'y magtungo sa kaniyang bahay at kumatok sa pintuan, at magsabing, "Nais Kitang makausap," maupo, makipag-usap sa Kaniya, katulad nang maaari nating gawin sa isa't-isa. Tayo ay nagkakaunawaan. Iyan ang dahilan kung bakit tayo'y narito sa mga pagtitipong ito, na kung saan tayo'y makapagsasama-sama at—at ipinahahayag ang ating mga kaisipan; at—at higit nating maunawaan ang isa't-isa kapag napag-uusapan natin ang mga bagay-bagay sa bawat isat-isa. At ginagawa iyan ng mga ministro. Ang mga tao sa iba't-ibang kalakaran ng buhay ay ganito ang ginagawa, pinag-uusapan ang mga bagay-bagay.

At si Job . . . napakatotoo ng Diyos sa kaniya, nais niyang malaman kung hindi ba niya magagawang pumunta at kumatok sa Kaniyang pintuan at—at magkaroon ng—ng isang panayam sa Kaniya. Ngunit nalaman natin na nakipag-usap ang Diyos sa kaniya, bagamat Siya ay nalalambungan. Siya ay natatalukbungan sa anyo ng isang ipuipo. At sinabi Niya kay Job na bigkisin ang kaniyang mga baywang; kakausapin Niya itong tulad sa tao. At Siya ay bumaba sa isang ipuipo at—at nangusap kay Job. At Siya ay naipahayag kay Job sa pamamagitan ng ipuipo, ngunit hindi niya talaga Siya nakita. Naririnig lang niya ang hangin na umiihip at umiikot sa mga puno; at ang Tinig ay nangusap mula sa ipuipo, ngunit ang Diyos ay natatalukbungan sa ipuipo.

Nalaman natin na sa Aprika (sa Timog Aprika) ginagamit nila ang salitang *Amoyah*, na nangangahulugang, "isang di nakikitang lakas." At ang 'di nakikitang lakas na ito na nasa ipuipo ay may tinig na naririnig. Ito'y nangusap kay Job, ngunit hindi niya kailanman nakita ang kaniyang anyo; sapagkat Siya ay natatalukbungan sa kaniya sa pamamagitan ng ipuipo. Nakita natin na isa sa mga dakilang propeta sa Biblia, si Moises, ng Lumang Tipan, isa sa mga hinirang ng Diyos, pinili, itinalagang lingkod, siya ay nagnasa ring makita Siya. Siya'y naging napakalapit sa Kaniya at nakita niya ang napakaraming bagay na gawa ng Kaniyang dakila, kamangha-manghang kamay na nanguna sa kaniya at gumawa ng mga bagay na tanging Diyos lamang ang makagagawa. Ninasa niyang makita Siya isang araw, at sinabi sa kaniya ng Diyos, "Humayo at tumayo ka sa ibabaw ng bato."

At habang nakatayo sa ibabaw ng bato, nakita Siyang nagdaan ni Moises. Nakita niya ang Kaniyang likuran. At sinabi niya, "Ito ay mistulang anyo ng isang lalaki," likod ng isang lalaki. Ngunit hindi niya nakita ang Diyos; ang nakita lamang niya ay ang talukbong ng Diyos.

Ang Biblia ay nagsabi, "Walang taong nakakita kailanman sa Diyos, datapuwat ang bugtong na Anak ng Ama ang nagpakilala sa Kaniya." Kaya nakita Siya ni Moises na natatalukbungan bilang isang lalaki.

At nalaman natin na si Jehova ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bagong Tipan. At—at dito kay Dr. Scofield, ay malalaman natin na ang kaniyang salitang *nagbabago ng anyo*, ay makikita natin ang salitang *en morphe* sa Griyego, na nangangahulugang "ang 'di nakikita ay naging makikita." Isang bagay na hindi . . . Alam nating ito'y naroroon. Hindi ito maaaring—hindi maaaring makita, subalit, alam nating ito'y naroroon. At nang baguhin Niya ang Kaniyang anyo ng *en morphe*, na nangangahulugang Siya'y nabago mula sa supernatural tungo sa natural . . . at pinalitan lamang Niya ang Kaniyang maskara.

At kung magkagayo'y, ito'y parang isang dula; Siya ay gumaganap. Sa—sa mga Griyego kapag sila'y magpapalit ng maskara, maaring isang dula—ang isang aktor ay maaaring gumanap ng marami't iba't-ibang mga bahagi. At ang anak kong babae (na narito ngayon) . . . Kapapalabas pa lang nila sa mataas na paaralan, ng isang—ng isang dula. At sila'y—isang batang lalaki, na kilala ko, ay gumanap ng mga apat na bahagi, ngunit siya'y pumupunta sa likod ng entablado at nagpapalit ng kaniyang—kaniyang maskara upang sa gayo'y makalabas muli upang gampanan naman ang iba pang katauhan.

Ngayon, kung kukunin ninyo ang mga hula sa Lumang Tipan na nauukol sa kung ano ang kahihinatnan ng Mesias, ay maihahambing ninyo ito sa buhay ni Jesus, at makikita ninyo nang hustung-husto kung sino si Jesus. Siya'y hindi isang karaniwang tao lamang; Siya ay Diyos, *en morphe*. Siya'y binago mula—mula sa supernatural tungo sa anyong natural ng isang tao; subali't Siya ay Diyos na naipahayag sa laman, natatalukbungan ng isang makataong, makalamang lambong. At pagmasdan mo ang Lumang Tipan.

Aking—aking—aking nalalaman ko na ako'y nangungusap sa magkahalong tagapakinig ngayong gabi mula sa iba't-ibang bahagi ng mundo. At tayo'y naririto ngayon upang malaman: ano ba ang—ano ang ating ginagawa? Ano—ano ang ating . . . Saan ba tayo patungo? Ano'ng nangyayari? Ano'ng kahulugan ng lahat ng ito?

At ngayon, matutunghayan natin dito na kayong lalaki at mga babaeng Judio . . . At ang mga rabi sa—sa—sa templo, sa mga nagdaang panahon, kung minatyagan lang nila ang Biblia, ang mga hula, sa halip na ang mga tradisyon, makikilala nila kung sino si Jesus. Hindi nila kailanman Siya tatawaging Beelzebub; hindi nila kailanman Siya ipapako. Ngunit kailangang ang lahat ng ito ay maisaganap; iya'y bahagi ng dula. At sila'y nabulagan sa kasong ito.

Ito'y katulad ng marami sa inyong mga lalaki at babaeng narito ngayong gabi, maaaring kasing edad ko o mas matanda ng kaunti. Naaalala ninyo rito sa Amerika maraming taon na ang lumipas bago—ang mga Intsik (ang aking kapatid na lalaki rito, na ipinakilala nila kani-kanina, sumagi ito sa isipan ko nang ako'y nakikipag-usap sa kaniya), kung paanong dati nilang . . . Hindi sila makapagsalita ng Ingles, at sila—sila ang nagpapatakbo ng palabahan. At pupunta ka sa kaniyang palabahan upang kunin ang tapos na labada. Ang—ang labanderong Intsik ay kukuha ng isang etiketa at pupunitin iyon sa isang paraan. Kukunin mo ang isang bahagi ng etiketa; kukunin niya ang kabilang bahagi. Kaya kapag ikaw ay bumalik upang kunin ang iyong mga pinalabhan, ang dalawang pirasong iyon ng papel ay kailangang magtugma. At kung hindi sila magkatugma nang tugmang-tugma (hindi mo ito maaaring dayain sa anumang paraan, dahil nasa kaniya ang isang piraso at nasa iyo ang isa) at kung ito ay gagayahin . . . Kung magkagayo'y mayroon kang karapatang angkinin kung ano ang sa iyo. At pagkatapos, makukuha mo kung ano'ng sa iyo kapag hawak mo ang kabilang bahagi ng kasunduan.

Gayon din naman ngayong gabi kapag taglay natin ang kabilang bahagi ng kasunduan. Nang punitin ng Diyos ang Kaniyang Anak sa dalawang bahagi doon sa Kalbaryo, kinuha Niya ang katawan bilang alay, at ipinadala ang Espiritu sa atin, na dating nabuhay sa isang tao, na si Jesus (ang siya ring Diyos ay nasa ilalim ng lambong ngayong gabi sa anyo ng Espiritu Santo), ang dalawang pirasong iyon ay kailangang magkalakip; kung magkagayo'y kayo ay bahagi ng kasunduan. Ginawa ito ng Diyos upang higit na makilala ng tao, nang gawin Niyang tao ang Kaniyang Sarili.

Ako ay nagbabasa ng isang kuwento ilang taon na ang nakararaan, at sa kuwentong ito sinabi na isang dakila, marangal na hari . . . Nakalimutan ko na ang kaniyang pangalan ngayon lang. Hindi ko inisip na mangusap tungkol sa kuwento. Marahil ito ay kathang isip, ngunit ito—ito ay magdadala sa atin sa isang punto na magbibigay sa atin ng panlikod na paliwanag tungkol sa kung ano ang nais nating sabihin.

Ang haring ito, siya ay sadyang isang haring marangal at sadyang labis na mapagmahal sa kaniyang mga nasasakupan, hanggang sa isang araw sa harap ng kaniyang—kaniyang bantay at ng kaniyang kaharian ay sinabi niya, "Sa araw na ito ay makikita ninyo ako sa huling pagkakataon sa loob ng maraming taon."

At ang bantay niya at ang kaniyang mga taong maharlika ay nagsabi sa kaniya, "Butihing Hari, bakit ninyo sinabi iyan? Kayo ba ay pupunta sa isang—kung saang bansang banyaga upang maging dayuhan?"

Aniya, “Hindi, ako’y mananatili rin dito. Aba,” ang sabi, “ako’y makikihalubilo sa aking mga nasasakupan. Ako’y magiging isang magbubukid. Magsisibak ako ng kahoy kasama ng tagasibak ng kahoy. Ako’y mag-magbubungkal ng lupa kasama ng magbubungkal. Ako’y magpupungos ng mga baging kasama ng mga nagpupungos ng mga baging. Ako’y magiging isa sa kanila upang higit kong maunawaan ang kanilang mga ginagawa. At mahal ko sila, at nais kong higit silang makilala nang personal. Hindi nila ako makikilala, ngunit gayon pa man, ay nais kong makilala sila sa gayong paraan.”

At nang sumunod na umaga nang ang mga kinatawan niya . . . Lahat ng mga tauhan niya ay nakita siyang—o yaong mga nasa palasyo—nag-alis ng kaniyang korona at inilapag iyon sa upuan (sa trono), at hinubad ang kaniyang balabal, at nagsuot ng damit ng magsasaka, at lumabas sa kalagitnaan ng mga karaniwang tao.

Ngayon, sa munting kuwentong iyon ay malalaman natin ang tungkol sa Diyos. Sinabi nila sa hari, ang sabi, “Hari, ninanais ka namin. Mahal ka namin. Aming—nais naming manatili kang hari.”

Ngunit nais niyang maging isa sa kanila upang higit niya silang makilala, upang mas makilala nila siya, kung ano siya talaga. Ipakikita nito kung ano siya talaga.

At iyan ang ginawa ng Diyos. Kaniya—kaniyang binago ang Kaniyang sarili mula sa pagiging Diyos na Jehova upang maging isa sa atin, upang Siya ay magdusa, upang matikman Niya ang kamatayan, malaman Niya kung ano ang tibo ng kamatayan, at tanggapin ang parusa ng kamatayan sa Kaniyang sarili. Isinaisantabi Niya ang Kaniyang—Kaniyang korona at ang Kaniyang balabal at naging isa sa atin. Siya ay naghugas ng mga paa kasama ang—kasama ang—ang mga aba. Siya ay nanahan sa mga tolda kasama ng mga maralita. Siya ay natulog sa—sa kagubatan at sa mga lansangan kasama yaong mga sawingpalad. Siya ay naging isa sa atin upang higit Niya tayong maunawaan, at higit natin Siyang maunawaan.

Ngayon, sa aking palagay doon, makikita natin ang pagpapalit Niya sa Kaniyang Sarili, sa Kaniyang ginawa, kung mapapansin ninyo, Siya ay dumating sa pangalan ng tatlong anak. Siya ay dumating sa Pangalan ng Anak ng tao, at sa Anak ng Diyos, at sa Anak ni David. Siya ay dumating bilang Anak ng tao . . . Ngayon, sa Ezekiel 2:3, si Jehova, Mismo, ay tinawag si Ezekiel na propeta, ang anak ng tao. Ang *Anak ng tao* ay nangangahulugang “isang propeta.” Siya ay dumating sa gayong paraan upang ganapin ang Deutoronomio 18:15, na sinabi ni Moises, “Palilitawin ng Panginoon mong Diyos ang isang Propeta sa gitna ninyo na gaya ko.” Hindi Niya kailanman tinawag ang Kaniyang Sarili na Anak ng Diyos.

Tinukoy Niya ang Kaniyang Sarili, bilang Anak ng tao, sapagkat kinakailangan Niyang dumating nang ayon sa Kasulatan.

Kita n'yo? Kailangan Niyang gawin ang dalawang pirasong iyon ng punit na papel, ang hula sa Lumang Tipan at ang Kaniyang sariling katangian, na tugmang-tugma. Kaya't Siya ay dumating bilang Anak ng tao, dumating sa gayong anyo.

Pagkatapos ay nalaman natin, pagkatapos ng Kaniyang kamatayan, libing, at pagkabuhay na mag-muli. Siya ay dumating noong araw ng Pentecostes bilang Anak ng Diyos—Diyos, ang Espiritu, sa anyo, ng Espiritu Santo. Ano ang Kaniyang ginagawa? Binabago Niya ang Kaniyang Sarili, ipinakikilala ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang bayan sa ibang anyo. Katulad ng Espiritu Santo, na Diyos, Siya ay dumating upang makitungo sa mga kapanahunan ng iglesia bilang Anak ng Diyos, ang Espiritu Santo. Ngunit sa Milenyum Siya ay darating bilang Anak ni David upang lumuklok sa trono ni David—Hari. Siya ang luluklok sa trono ni David; Siya'y nasa Trono ng Ama ngayon. At pagkatapos, sinabi Niya, "Ang sino mang makapanaig ay luluklok na kasama Ko sa Aking Trono, kung paano Ako nakapanaig at nakaluklok sa Trono ng Aking Ama." Kaya Siya—sa Milenyum Siya ay magiging Anak ni David. Ano ito? Ang di nagbabagong Diyos sa lahat ng panahon na nagpapalit lamang ng Kaniyang—Kaniyang maskara.

Ako sa aking maybahay, ay isang asawang lalaki. Napansin ba ninyo na sinabi ng babaeng Siropeniciana, "Ikaw na Anak ni David, mahabag ka!" Siya . . . Ni hindi man lang Siya nabahala nito. Wala siyang karapatang tawagin Siya ng gayon; wala siyang anumang pag-aangkin sa Kaniya bilang Anak ni David. Siya ay—Siya'y ang Anak ni David sa Judio. At ngayon, Siya ay dumating . . . Ngunit nang tawagin niya Siyang *Panginoon* (Siya ay kaniyang Panginoon), nang magkagayo'y natanggap niya ang kaniyang hiniling. Ngayon, habang ang . . . Pinapalitan lamang Niya ang Kaniyang Sarili.

Ngayon, sa aking tahanan ako'y tatlong iba't-ibang tao. Sa aking tahanan ang aking maybahay ay may pag-aangkin sa akin bilang asawang lalaki. Ang anak kong babaeng nariyan, wala siyang anumang pag-aangkin sa akin bilang asawang lalaki; ako'y ama niya. At ang munti kong apong lalaki roon, ako'y lolo sa kaniya; kaya wala siyang karapatang tawagin akong ama. Hindi ako ang ama niya; ang anak kong lalaki ang ama niya. Ako ay lolo niya, ngunit ako pa rin ang lalaking iyon.

At ang Diyos, ang ginagawa Niya, binabago lamang Niya ang Kaniyang Sarili upang lumitaw Siya sa lahing iyon, upang maipakilala ang Kaniyang sarili sa mga taong iyon. At iyan ang aalamin natin ngayong gabi kaya tayo naririto: Sa anong paraan dapat ipakilala ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa mga taong ito at sa panahong ito? Pinapalitan Niya ang Kaniyang maskara;

pinapalitan Niya ang Kaniyang ginagampanan, ngunit hindi Niya binabago ang Kaniyang kaugalian. Hindi Niya pinapalitan ang Kaniyang—Kaniyang kalikasan; pinapalitan lamang Niya ang Kaniyang maskara mula sa isa tungo sa isa pa. Ginagawa Niya ito upang maipahayag ang Kaniyang Sarili nang mas malinaw sa mga tao, upang malaman nila kung sino Siya at kung ano Siya.

Sa Hebreo 1 ay mababasa natin: "Ang Diyos, na nagsalita sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, ngunit sa mga huling araw na ito, ay sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, na si Jesus." Ngayon, ang mga propeta, ang sabi ni Jesus (nang Siya ay narito sa lupa), sila ay mga diyos. "Tinatawag ninyong mga diyos yaong mga dinatnan ng Salita ng Diyos, at ang mga Kasulatan ay hindi mababali," ang sabi Niya. Ang sabi, "Paano ninyo Siyang hahatulan, gayong Siya ang Anak ng Diyos?" Kita n'yo? Ang Salita ng Diyos ay nakalaan para sa bawat kapanahunan—kung ano'ng kahihinatnan Nito; at si Jesus ay ang katuparan ng lahat ng mga hula. "Sa Kaniya ay nanahan ang buong kapuspusan ng PagkaDiyos ayon sa laman." Iyon ay nasa Kaniya.

Siya Yaong na kay Jose. Siya Yaong na kay Elias. Siya Yaong na kay Moises. Siya Yaong na kay David, isang haring tinanggihan. Tinanggihan siya ng sarili niyang bayan bilang hari. At nang siya ay lumabas sa—sa mga bakuran ng korte, isang munting lalaking may kapansanan, pagapang-gapang, hindi niya nagustuhan ang kaniyang—kaniyang pamamahala, ang pamamaraan niya; at dinuraan niya siya. At hinugot ng bantay ang kaniyang tabak, at nagsabi, "Hahayaan ko bang manatili ang ulo ng asong yaon sa kaniyang sarili, na dumura sa aking hari?"

At si David, marahil ay hindi niya nauunawaan kung ano ang ginagawa niya noong panahong iyon, ngunit siya ay pinahiran, at sinabi niya, "Pabayaan mo siya. Inutos sa kaniya ng Diyos na gawin ito." At umakyat siya sa burol at tinangisan ang Jerusalem, isang haring tinanggihan.

Napansin ba ninyo, ilang daang taon mula noon, ang Anak ni David, pagkatapos duraan sa lansangan, at naroon sa burol (sa bundok ding iyon) habang pinagmamasdan ang Jerusalem, isang Haring tinanggihan, at nanangis, "Jerusalem, makailang ulit kong tinipon kayo tulad ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw, ngunit ayaw ninyo?"

Hindi Niya kailanman binago ang Kaniyang kalikasan, 'pagkat sinabi ng Hebreo 13:8, "Siya rin ang kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ang Diyos ay nagkatawang tao upang mamatay upang tubusin tayo sa pagkakasala. Iyan ang dahilan kung bakit binago Niya ang Kaniyang Sarili upang maging isang—isang tao.

Makikita natin sa Sn. Juan 12:20, narinig ng mga Griyego ang tungkol sa Kaniya. Ngayon, walang sinumang tao na makaririnig ng tungkol sa Kaniya, nang hindi mag-aalab ang kanilang puso upang makita Siya. Katulad ni Job at ng mga propeta ng una, nais nilang lahat na makita Siya. Kaya nagtungo ang Griyegong ito upang makita Siya. Pumunta sila kay Felipe, na taga-Betsaida, at nagsabi, "Ginoo, ibig sana naming makita si Jesus." Nais ng mga Griyegong makita Siya; ngunit hindi nila nagawang makita Siya, sapagkat Siya ay nasa templo ng Kaniyang pagkatao. Ang Diyos ay na kay Cristo na ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kaniyang Sarili.

Ngayon, nalaman natin dito, hindi magawa ng mga Griegong ito na makita Siya. At pansinin ang mga pinakasalitang binigkas sa kanila ni Jesus pagkatapos; aniya, "Maliban ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay mananatili itong nag-iisa." Sa ibang pananalita, hindi nila Siya makikita kailanman sa pagpapalit na ito, sa maskarang kinapapalooban Niya noon, sapagkat Siya ay natatalukbungan ng laman ng tao. Ngunit kapag ang Butil ng Trigong ito ay nahulog sa lupa, kung magkagayo'y magluluwal ito ng lahat ng mga lahi. Siya ay isinugo sa mga Judio, mangyari pa, nung panahong iyon, ngunit kailangang malaglag ang Butil ng Trigong ito. Tinalukbungang Diyos sa laman ng tao, ikinubli mula sa mga hindi mananampalataya, subalit inihayag sa mga mananampalataya.

Sa Juan 1:

> *Nang pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos.*
>
> *At ang Salita ay nagkatawang tao, at tumahan sa gitna natin, (at nakita namin* Siya . . . *ang tanging bugtong ng Ama,) na puspos ng biyaya . . .*

Ngayon, sa pasimula ay ang Salita. Ang salita ay isang kaisipang naipahayag. Sa pasimula ay ni hindi pa nga Siya Diyos. Ngayon, sa wikang Ingles natin ngayon, ang *god,* ay nangangahulugang "isang bagay na sinasamba." Gaano ito nakalilito sa isipan. Maaari mong gawing diyos ang sinuman. Maaari mong gawing diyos ang anumang bagay. Ngunit sa Lumang Tipan, sa Genesis 1, *Sa pasimula ang Diyos . . .* ang salitang ginamit ay, *Elohim*. Ang *Elohim* ay nangangahulugang "yaong Isang umiiral sa kaniyang Sarili." Anong kaibahan ng salitang *Elohim* sa ating salitang *god*. Ang *Elohim* ay nangangahulugang "yaong Isang namamalagi sa Kaniyang-Sarili."

Hindi tayo maaaring mamalagi sa ating sarili. Hindi tayo maaaring maging makapangyarihan sa lahat, makagagawa ng lahat, nasa lahat ng dako, nakakaalam ng lahat ng bagay. Yaong *Elohim* na iyon ay ipinapahayag ang lahat ng iyon. Hindi tayo

maaaring maging gayon. Ang puno na ginagawa ninyong diyos mula sa, o ang—o ang gusali, ito'y hindi umiiral sa sarili nito.

Kaya ang Diyos, nang pasimula, ay Buhay, yaong Walang Hanggan. Taglay Niya ang mga katangian, at ang mga katangiang iyon ay naging mga salita, at ang Salita ay nagkatawang tao. Si Jesus ay ang Manunubos. *At ang* kahulugan ng *tubusin* ay "papanumbalikin". At para maipanumbalik ito, ito ay kailangang mapasa kung saang lugar upang ito'y maipanumbalik. Kaya, tingnan ninyo, hindi lahat ng mga tao ay makakakita nito, sapagkat hindi lahat ng mga tao ay nasa isipan ng Diyos nang pasimula. Kita n'yo?

Tingnan ninyo ang mga saserdote! Nang makita nilang ipinapahayag Niya ang Kaniyang Sarili nang tugmang-tugma sa Salita, kung ano Siya, sinabi nila, "Iya'y si Beelzebub." Ipinakita niyaon kung nasaan ang kanilang kalikasan; yao'y naroon sa makabagong kaisipan sa araw na iyon. Nguni't nang ang munting patotot, na nakatagpo Niya sa may pintuan, at sinabi sa kaniya—ipinahayag Niya ang Kaniyang tanda ng pagka Mesias sa pamamagitan ng pagsasaad sa kaniya kung ano ang kaniyang ginawa, anupa't sinabi niya, "Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang propeta. Nalalaman naming ang Mesias; sa pagparito Niya, ay ipahahayag Niya sa amin ang lahat ng mga bagay." Nakilala niya Siya bilang isang Mesias, ang Pinahiran, sapagkat nakatagpo Niya ang lahat ng mga kinakailangan sa Kasulatan. Hindi ba ninyo nakikita? Ang dalawang pirasong papel ay nagkakalakip. "Nalalaman namin na pagparito ng Mesias . . . "

Ngayon, maaaring kinailangang paghaluin ng Diyos ang *ganito* at *ganiyan* upang makakuha ng isang tunog sa kampanilya, katulad ng hulmahan, nguni't nang si Jesus ay lumingon at nagsabing, "Ako na nagsasalita sa iyo ay Siya nga," walang kahit anumang pagpapahiwatig katulad ng, "Beelzebub". Iniwan niya ang kaniyang banga, nagpunta sa bayan, at nagsabi, "Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang isang Lalaki, na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na aking ginawa. Hindi kaya ito na ang Mesias?" Kita n'yo?

Ngayon, ano'ng ginawa nito, ang paglalagay ng lumang Kasulatan sa karanasan na—na ibinibigay sa kaniya ni Jesus, ano'ng ginawa nito? Nilikha nito ang Mesias. At napansin ba ninyo? Kaagad, ang kaniyang mga kasalanan ay pinatawad, sapagkat sa pasimula siya ay katubos tubos na; sapagkat siya ay nasa kaisipan na ng Diyos sa pasimula. Kaya tinubos siya nito, o ibinalik siyang muli, nang makita niya ang nailahad na Kasulatang ipinahayag ni Jehova: kung ano Siya dati; kung ano Siya ngayon.

Ngayon, nang dumating si Jesus, kung Siya'y dumating na dala ang mensahe ni Noe, hindi sana ito gumana: ang gumawa ng

daong at palutangin ito. Hindi sana iyon gumana. Ngayon iyon— si Noe ay isang bahagi ng Diyos. Siya ay kumilos sa kakatuwang paraan, sapagkat siya ay kakatuwa. At ang kaniyang mensahe ay kakatuwa, sapagkat iyon ay ang Salitang naipahayag. Hindi siya maaaring dumating na dala ang mensahe ni Moises, sapagkat ito'y—hindi iyon maaaring gumana. Si Moises ay Diyos sa isang bahaging naipahayag; siya ay ang Salitang naipahayag sa oras na iyon. Ngunit hindi maaaring dumating si Jesus nang ganoon. Hindi kailanman sinabi ng Biblia na darating Siya sa gayong paraan. Ngunit kapag Siya ay dumating at naipahayag nang gayung-gayon tulad ng—ng sinabi ng Tipan na Siya'y maipapahayag, kung magkagayon lahat ng mga katubustubos ay sumampalataya rito; sapagkat sila'y mga kaisipan ng Diyos. Ang mga katangian Niya sa pasimula ay nagkatawang tao at naging katubustubos, at naipanumbalik sa Diyos. "Ang lahat ng sa Kaniya ay nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos," sapagkat sila'y katubustubos. Sila ay nasa pagpapahayag na mula pa nang pasimula.

Kung tayo ay makatitigil dito sumandali (kung ito'y posible) at pag—iisipan iyon ngayong gabi, ang mensahe ng panahon, ang mga kaisipan ni Jehova na naipahayag. . . Bago pa itinatag ang sanlibutan, tayo ay sinabihan na ang ating mga pangalan ay inilagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Kung magkagayon ay maaari nating makita ang magkabilang panig, kung bakit ang isa ay kakatuwa sa paningin ng iba. Iyon dapat ang kaparaanan. Iyon palagi; Ito'y palaging ganoon; at gayon palagi ang mangyayari. Siya ay ang Salita, at ang Salita ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin.

Ngayon, ang Diyos sa—noong mga kaarawan ng Lumang Tipan nakita natin na pagkatapos Niyang magpakita sa Kaniyang bayan sa iba't-ibang anyo, ay tinalukbungan Niya ang Kaniyang Sarili ng mga lumang balat ng hayop—ang Diyos, nagkukubli sa likod ng balat ng mga hayop sa Kaniyang luklukan ng awa. Nalaman natin na (na kung paanong si Solomon, nang ialay niya ang templo ng Panginoon, at ang mga balat ng hayop na ito ay nakasabit doon, ang tabing)— kung paanong Siya ay dumating bilang Haligi ng Apoy at bilang isang Ulap, at bumaba sa likod niyaon, at tinalukbungan ang Kaniyang Sarili sa sanlibutang nasa labas. Ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya alam ng Israel na Siya ay naroon sa likuran. Batid nilang naroon Siya, kahit ano pa ang sabihin ng alinman sa mga sanlibutang walang kinikilalang Diyos. Siya ay naikubli sa 'di mananampalataya, ngunit ang mananampalataya, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay nakabatid na Siya ay naroon sa likuran; mayroon silang awa. At Siya ay nasa Kaniyang luklukan ng awa, na isang dakilang lihim.

Alam n'yo, sa Lumang Tipan ang pumasok sa likod ng balat na iyon ay kamatayan. Ngayon, ang lumayo dito ay kamatayan. Noon, ang pumasok sa Kaniyang kaluwalhatian ay kamatayan; ngayon, ang lumayo sa Kaniyang kaluwalhatian ay kamatayan. Iyan ay naganap, mangyari pa, sa pagkapunit ng tabing sa Kalbaryo, nang ang tabing ay napunit, ang lumang tabing. Ngayon, ang mamalagi sa labas ng Kaniyang presensiya ay kamatayan. Noon, ang pumasok sa Kaniyang presensiya ay kamatayan. Kita n'yo? Ito'y nagpapapalit-palit ng pabalik-balik, at kailangan ninyong makita ang Kasulatan upang malaman kung anong araw ang ating kinabubuhayan.

Ngayon, nang mahapak ang tabing sa Kalbaryo, nalantad nang malinaw ang Luklukan ng Awa, ngunit ano'ng nangyari? Ito ay nakabitin sa Kalbaryo, Dugong pumapatak. Kung paanong sila ay kumuha ng dugo taun-taon para sa paglilinis ng santuwariyo at sa pagwiwisik ng luklukan ng awa, at Naroon, ang Diyos, taglay ang Kaniyang dakila't makapangyarihang haplit ng malakas na kidlat, ay pinaghiwalay ang lumang tabing na balat ng hayop mula sa itaas hanggang sa ibaba, at ang Luklukan ng Awa ay nalantad nang lubusan. Ang tunay at totoong Cordero ng Diyos ay nakabitin nang lantad na lantad sa Kalbaryo, ang tunay na Luklukan ng Awa, nang bayaran ng Diyos ang halaga sa pamamagitan ng kanyang sarili at naging isa sa atin, at ipinahayag ang Kaniyang Sarili bilang isang tao upang makilala niya tayo at tayo ay makakilala rin sa Kaniya.

Ang Luklukan ng Awa ay lantad na lantad sa paningin ng buong Israel nang araw na iyon ng Pagtubos. Ngunit aba, ang mga tradisyon ng mga ama ng iglesia nang araw na iyon, sa pamamagitan ng kaniyang mga tradisyon, ay tinabingan ang tunay na Luklukan ng Awa sa mga tao. Kung napag-unawa lamang nila ang Kasulatan, ang bawat piraso ay magkakalakip tulad ng etiketa ng Intsik. Ang hula sa Lumang Tipan ay naganap sana, at ito nga ay nangyari. At kung sila'y naturuan sa Kasulatan, makikita nila sana ang Luklukan ng Awa.

Katulad ng sinabi ni Moises dito na . . . Magpahanggang sa araw na ito ay natatalukbungan sila. Ito'y tumatakip pa rin sa kanilang mga puso; hindi nila ito nakikita. Datapuwat Siya ay Diyos, ang pagdurusa at ang Pagkatubos. Siya ang tunay na Luklukan ng Awa na nakatayong lantad na lantad.

Tulad ng pag-awit natin sa himnong:

> Hayun! Masdan Siyang Nalantad,
> Naro'n Siya, ang makapangyarihang manlulupig,
> Maglula ng Kaniyang punitin ang tabing sa dalawa.

Kita n'yo, Siya ay pumarito ang Luklukan ng Awa, malinaw na natatanaw ng kongregasyon na nakabitin. Ngunit sila ay nasa

ilalim ng popular na haka-haka . . . Ngayon, mga lalaki't babae, at mga kinatawan sa pagtitipong ito, nais kong sabihin ito, nang walang pagtatangi sa sinumang tao. Ngunit sa pananaw para sa araw na ito, sa pananaw ng kung bakit tayo naririto sa araw na ito, ako'y nangangamba na ang mga tradisyon ng mga ama, ang mga ama ng iglesia, ay ikinubli ito sa napakaraming mga tao. Dahil na nga sa ang Espiritu Santo ay dumating na sa mga huling araw na ito katulad ng naihula, at ang tabing ay napunit na, napakaraming tao ang nagpipilit pa ring panghawakan ang mga tradisyon ng kanilang mga ama; at iyan ang dahilan kung bakit hindi nila makita itong labis-labis na kagalakan, at kapayapaan, at ang mga bagay na taglay ng iglesia ngayon. Datapuwat ito'y malinaw na nakikita ng mananampalataya. Itinago Niya ang Salita, ang ipinangakong Salita sa araw na ito.

Ngayon, ang mga tradisyon ay gumawa ng isang tabing. Sinasabi nilang ang mga araw ng himala ay lumipas na. Isang lalaki ang kumausap sa akin, isang mahusay, at may pinag-aralang ginoo sa Tucson, Arizona, kung saan ako nakatira. Ako'y nagkaroon ng isang gawain sa Ramada; at kami'y nagsalita sa isang Malaking Pagtitipon ng mga Mangangalakal, kung saan ay dumating ang presensiya ng Panginoong Jesus at gumawa ng mga dakilang bagay. At ang Cristianong ginoong ito ay lumapit sa akin at sinabi niya (isang manggagawa ng iglesia, butihing lalaki), at sinabi niya, "Kapatid na Branham, sinisikap mong ilagay sa isipan ng mga tao ang isang panahong apostolico," ang sabi niya, "at kung saan ang panahong apostolico ay tumigil na."

At sinabi ko, "Ipinamamanhik ko, aking Kapatid, ipakita mo sa akin kung kailan tumigil ang panahong apostolico sa Kasulatan." Ang sabi ko, "Ang panahong apostolico ay nagsimula sa araw ng Pentecostes, at ito ay . . . sinabi ni Pedro nang araw ng Pentecostes, 'Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng mga nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.' Kailan ito natapos? Kung ang Diyos ay tumatawag pa rin, samakatuwid ang panahong apostolico ay nagpapatuloy pa rin."

At kaya, diyan sinisikap ng mga tao na piringan ang napakaraming mga tao, sa pamamagitan ng mga tradisyon ng mga matatanda, katulad noon. At hindi ninyo magawang makita kung bakit ang mga tao ay napakasaya, at interesado. At—at ang mga pagtitipong ito ay tila ba isang kakaiba, tila ba di-pangkaraniwangbagay para sa ibang tao, ay dahil sila ay nakakakita. Nalampasan na nila ang mga harang na iyon; sila ay lumagos na sa mga tabing na iyon patungo sa presensiya ng Diyos kung saan nakita nila ang naipahayag na pangako ng oras na ito ay ipinahayag sa harap ng mga tao. Nakita nila kung ano ang ipinangako ng Diyos.

Sa Joel 2:28, ipinangako Niya na sa mga huling araw na ito ay magkakaroon ng huling ulan na ibubuhos sa mga tao sa mga

huling araw. Sa palagay ko'y ang salitang Griyego para doon ay *kenos*, na nangangahulugang "ibinuhos Niya nang lubusan ang Kaniyang Sarili," hindi tulad sa paraang sinasabi nating tila ba ang isang bagay na nasa loob ng isang tao ay naubos na, ngunit ibinuhos Niya nang husto ang Kaniyang Sarili. Pinalitan Niya ang Kaniyang—*en morphe*. Siya—Siya ay nagpalit mula sa kung ano Siya *dati* tungo sa kung ano Siya *ngayon*. Hindi Niya pinapalitan ang Kaniyang kaugalian.

Nguni't noong araw ng Pentecostes, pinalitan Niya ang Kaniyang sarili mula sa pagiging Anak ng tao tungo sa pagiging Anak ng Diyos. Hindi Siya dumating, nang kasama ang mga tao, Siya ay dumating sa mga tao (kita n'yo?), ang Siya ring Diyos upang ipagpatuloy ang Kaniyang ministeryo sa dakilang panahong ito.

Inihula Niya sa Biblia na darating ang isang araw na hindi magiging araw o gabi, ngunit sa kinagabihan ay itoy magiging liwanag. Ngayon, ang araw, ayon sa heograpiya, ay sumisikat sa silangan at lumulubog sa kanluran. Iyon ang siya ring araw sa lahat ng panahon.

Ngayon, nang ipinahayag ng Anak (S-O-N) ang Kaniyang Sarili sa paghahayag ng ipinangakong Salita sa Israel, ang mga taong taga Silangan . . . Nagkaroon tayo ng araw ng kapanglawan. Nagkaroon tayo ng sapat na liwanag mula sa mga reformer at iba pa upang magtatag ng mga iglesia at mga denominasyon, at sumali sa kanila; at papasok at hahagkan ang mga sanggol; at ikakasal ang mga magugulang; at ililibing ang patay, at iba pa; at tumira sa iglesia. Ngunit sa panahon ng gabi, ito'y magliliwanag," ang sabi Niya, "sa panahon ng gabi." At walang Kasulatang maaaring mabali. At ang siya ring S-O-N na ibinuhos nang husto ang Kaniyang Sarili, *kenos*, nang araw ng Pentecostes, ay nangakong gagawin ang gayon ding bagay sa panahon ng gabi. Kita n'yo? Ito'y ayon sa pangako.

Paglakipin ninyo ang etiketa. Tingnan kung anong nangyayari, at tingnan kung ano'ng ipinangako Niya, kung magkagayo'y makikita ninyo kung nasaan na tayo. Paglakipin ninyo ang bagay na iyan. Makikita ninyo ang paglalantad niyaong dakila at makapangyarihang Isa. Binulag na namang muli ng mga tradisyon ang mga tao sa mga dakilang bagay na ito na naihula.

Si Moises, nang siya'y manggaling mula sa bundok, na nagliliyab . . . Napakaganda ng paglalarawan. Si Moises ay nagtungo sa Egipto at sinabi sa mga ama ng iglesia na dinalaw siya ng Panginoong Diyos sa pangalan ng Ako Nga. Ang Pangalang iyon ay pangkasalukuyan, hindi Ako noon, hindi magiging, kundi Ako Nga, kailanman ay hindi magbabago, siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siya ay pangkasalukuyan. Siya . . . Iyan ay maitutulad sa

Hebreo 13:8: "Si Jesus Cristo, siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

Ito pa rin ang naihulang Salita, at ang kongregasyon na kailangang tuumugma sa Salitang iyon, ang karanasan ng araw na ito... "Ang mga reformer ay nagtaglay nito." O, subalit ito ay ibang araw na. Masdan kung anong araw ang ating kinabubuhayan!

Kung paanong hindi Siya maaaring pumarito noong mga araw na Siya'y naparito sa lupa, sa—sa kaparaanang dumating si Moises o sinuman sa mga propetang dumating; hindi ito inihula. At sa mga huling araw na ito, naihula na ito'y darating sa ganitong paraan. Hindi ito maaaring dumating sa anyo ng rebaybal ni Luther; hindi ito maaaring dumating sa anyo ng rebaybal ni Wesley; ito'y panahon ng pagpapanumbalik. Ito'y isang panahon na kailangang maibalik ito sa orihinal na sikat ng araw, ang orihinal.

O, paano nating mailalatag ang mga Kasulatan sa gawi diyan! At kayong mga teologo (saang bahagi kayo ng mundo nanggaling), batid ninyong iya'y totoo. Iya'y isang pangako. Iyan ang sanhi kung bakit ang mga tao'y nagiging lubhang kakaiba. Iyan ang gumagawa ng mga kakatuwang bola na inyong ibinabansag sa kanila; ito'y dahil sa sila'y... Ito'y... Ang tabing ay nabuksan na mula sa tradisyon, at nakikita nila ito. Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ito'y ang—ito'y ang pangako ng Diyos, at hindi natin maaaring salungatin ito, sapagkat hindi maaaring mabali ang Kasulatan.

Oo, nalaman natin na ipinangako Niyang ibubuhos Niya nang lubusan ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang mga tao, at Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Si Moises, pagkatapos niyang magtungo sa Egipto at ipahayag ito, nang magkagayo'y pinatunayan ng Ama ang kaniyang mensahe sa pamamagitan ng pagpunta sa Bundok ng Sinai sa gayon ding Haligi ng Apoy at pinagliyab ang bundok. Napansin ba natin yaong binigyan Niya ng pangako? Siya'y inilabas Niyang taglay ang Salita, taglay Niya ang mga kautusan, at upang taglayin ang kautusang ito, kailangan niyang...

Ang mga kautusan ay ang Salita; hindi pa nakararating ang Salita sa mga tao. Kaya ang Salita ay palaging dumarating sa propeta, at siya ang propeta para sa oras na iyon.

Kung paanong si Jesus ay ang Salita. At si Juan ay isang propeta, at pinuntahan siya ni Jesus sa tubigan, sapagkat ang Salita ay palaging dumarating sa propeta nang walang kamalian. Ang Salita ay dumarating sa... Kaya si Moises, ang Salita ay dumating sa kaniya, ang kautusan, at taglay niya ang mga ito.

Ngayon, bakit, bago ipinagkaloob ang Salita at ito'y naihayag, ay kailangang lambungan ni Moises ang kaniyang mukha, sapagka't ang Salita ay hindi pa lubos na naipahayag. Alam nilang mayroong nangyari, ngunit hindi nila alam kung ano (ang ugong at pagkulog), hanggang sabihin nila, "Hayaang si Moises ang magsalita at hindi ang Diyos."

At sinabi ng Diyos, "Aba'y gagawin Ko iyan. Simula ngayon, hindi na Ako magpapakitang muli nang ganito. Magsusugo Ako sa kanila ng propeta. Kaya siya'y . . . Ako'y mangungusap sa pamamagitan ng Aking propeta."

Ngayon, kung si Moises na taglay ang natural na kautusan (na tulad ng ipinahayag ni Pablo sa atin dito sa II Corinto) ay kinailangang lambungan ang kaniyang mukha sa natural, gaano pa kaya magiging napakaluwalhati at natatabingan ang Espirituwal sa hindi mananampalataya bago ito maihayag sa kanila! Gaano pa kaya nila tatawagin . . . ! Si Moises ay isang kakatuwang bola. Paano pa kaya nila kayong babansagan, na nakalagos sa tabing, nakapasok sa Haligi ng Apoy, at lumabas nang taglay ang pagpapala! At ngayon kayo'y natatabingan! Hindi nakikita ito ng mga tao. Hindi nila ito maunawaan. Kung ang natural ay maluwalhati, gaano pa kaya ang supernatural! Kung ang natural, na may katapusan na yaon, ay naging maluwalhati, gaano pa kaya itong may walang katapusan na yaon ay maging maluwalhati!

Datapuwat ito'y natatabingan pa rin. Ito'y natatabingan hindi sa mananampalataya, kundi sa hindi mananampalataya; hindi niya ito makita. Laging tinatabingan ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa hindi mananampalataya. Itinatago ito ng mga tradisyon. Katulad ng ginawa nila noon, gayon din ang ginagawa nila ngayon. Iyon ay isang tabing na espirituwal na taglay natin ngayon, kung saan dating naroon ang tabing na natural. Pinatunayan ng propeta sa pamamagitan ng naisulat na Salita, isang tagahula, isang dumarating na taglay ang naisulat na Salita upang gawin Itong malinaw, batid nilang ang Salita ay naroon, ngunit hindi nila alam kung ano'ng kahulugan Nito; at ginawang malinaw ito ni Moises. Sinabi Niya, "Sinasabi *ito* ng kautusan, at narito ang dahilan." Ginawa Niya Itong malinaw. At bago pa Ito pinalinaw, Ito ay natabingan. At ganiyan pa rin Ito ngayon, natatabingan sa mga tao hanggang Ito'y maipahayag at maging malinaw sa mga tao—ang Diyos, ang makapangyarihang Diyos, ay natatabingan ng katawang tao, ang Salita.

Pansinin. Ngayon, nalaman natin na Ito ay naitago sa mga hindi mananampalataya, ngunit naipahayag sa mananampalataya. Pansinin. Kinailangan ni Moises na pumasok nang mag-isa sa Haliging Apoy na Ito; walang maaaring sumama sa kaniya. Ito ay hindi . . . Ito . . . Ano'ng sinasabi nito sa atin? Na hindi kayo maaaring tumungo rito sa pamamagitan ng pagsapi

sa isang pangkat ng Pentecostal. Nakita ninyo? Hindi Niya kailanman Ito ipinahayag sa isang pangkat; ipinahayag Niya Ito sa isang indibiduwal. At ganiyan na nga ngayon. Sasabihin mo, "Ako'y kabilang sa isang—isang iglesia. Ako—ako ay kabilang dito." Ngunit iya'y hindi gagana. Kita n'yo? At para sa sinumang magtangkang sumunod kay Moises, ang magpanggap dito ay kamatayan. At gayon din ngayon, ang tangkaing magpanggap nito ay kamatayang espirituwal. Iyan ang . . .

Ngayong gabi tayo'y patungo na sa pagtayo mula sa mga pangkat, ng mga karnal na panunulad—isang taong nagsisikap na kumilos nang tulad nito at mamuhay ng isang kakaibang buhay: maaaring uminom; maaaring manigarilyo; ang mga kababaihan ay maaaring mamuhay sa anumang—kahit anong paraang nais nila, at katulad ng sanlibutan; at maglagi sa bahay at manood ng telebisyon, at—at ang mga bagay ng sanlibutan, at patuloy na tagurian ang kanilang mga sariling mga Pentecostal. Sinisikap nilang gayahin ang isang tunay na bagay. Hindi pa kailanman ito naipahayag sa kanila. Kapag Ito ay naipahayag na, ito'y maluwalhati at may kung anong mag-aalis nito sa inyo kapag kayo ay pumasok doon. Kayo ay nagiging isang tabing. Ito—ito—ito'y hindi gagana. At ang pagpanggap nito ay kamatayan.

Si Moises ay natabingan, siya ang buhay na Salita sa mga tao. At ngayon, ang mga taong natatabingan ay gayon din; sila ay mga naisulat na liham, binabasa ng lahat ng tao, hindi isang bagong liham, kundi ang liham na naisulat na, na ipinahayag. Ito'y—ito'y yaong mga mananampalataya sa Salita at sa pangako sa araw na ito na ibubuhos ng Diyos ang Kaniyang Espiritu sa lahat ng laman; at iyan ang mga naisulat na liham. At kapag sinubukan ng isang tao na gayahin iyon sa karnal na pamamaraan, ito'y bumubuwelta sa kanila. Ang buhay mo ang nagpapakita kung ano ka.

Minsan ay mayroong isang batang lalaki; siya'y napasangkot sa ilang kaguluhan. Siya'y isang—isang mabait na batang lalaki, ngunit siya—siya ay ipinagsakdal sa hukuman; at sinabi ng huwes, "Napatunayan kong ikaw ay nagkasala. Papatawan kita ng parusang habambuhay na pagkakulong."

Aniya, "Nais kong litisin ang sarili kong kaso." Aniya, "Nais kong pumasok batay sa aking rekord."

Aniya, "Wala kang rekord. Ang rekord mo ang siyang humatol sa iyo."

At ganiyan ang nangyayari ngayon. Ang dahilan kung bakit hindi sumusulong ang iglesia katulad ng dapat mangyari, ito'y ang rekord, ito'y kasinungalingan. Kailangan nating maging higit na matapat. Kailangang sampalatayanan natin ang bawat Salita ng Diyos. Kailangan nating magsaliksik hanggang maging

tunay ang Salita sa atin. Kita n'yo? Ang rekord ang siyang humahadlang sa atin upang makapasok.

Subalit minsan (para makalabas na kayo sa silo na ito) doon sa hukuman ding iyon, ang batang lalaking iyon ay walang salapi. Hindi niya ito mababayaran. Ang-ang multa ay umabot sa libu-libong dolyares. Ngunit mayroon siyang malaking kuya na dumating at binayaran ito para sa kaniya.

Ngayon, tayo'y mayroong malaking Kuya, si Jesus, ang Anak ng Diyos; at Siya ay dumating upang bayaran ito para sa atin, kung tayo'y mananampalataya lamang dito at magagawa nating pumasok sa loob ng tabing kasama Niya. Katulad ng Siya ay ang ating Moises—si Jesus ay ang ating Moises sa araw na ito; si Moises na natatabingan ay ang Buhay na Salita sa mga tao. Sa araw na ito, si Jesus na natabingan ay ang Buhay na Salita sa mga taong . . . Si Jesus na nasa Iglesia. Ang Espiritu Santo, ang Anak ng Diyos, na nasa mga tao, ipinahahayag ang Salita sa pamamagitan ng pangako sa araw na ito, ang gumagawa nito nang gayung-gayon. Ganito rin ngayon!

At tandaan, ginawa ni Moises ito at ipinahayag ito, hindi sa buong mundo, kundi sa mga taong exodo—sa isang klase lamang ng mga tao. Iyon ay yaong mga lumabas sa—sa exodo. At sa araw na ito, ang Espiritu Santo, sa harap ng mga taong nagsasabing, "Ang Makalangit na pagpapagaling ay hindi tama!" . . . Nang ako ay kumunsulta . . .

Isang manggagamot ang tumawag sa akin noong isang araw ukol sa isang munting babae . . . O, mayroong mga apat o limang kaso roon, mga nararatay na sa bingit ng kamatayan, nagbibilang na lamang ng mga oras, at pinagaling sila ng Espiritu Santo. Tinatanong ito ng manggagamot; aniya, "Paanong nangyari ito? Aba," aniya, "Ako—ako . . . Pasyente ko 'yan."

Ang sabi ko, "Dati, ngunit ngayon, iyan ay sa Diyos na. Ito—ito—ito'y nasasakupan na Niya ngayon." Kita n'yo?

At kaya, makikita ninyo ang bagay na ito, na ang Diyos ay tumatawag ng isang exodo upang lumabas mula sa likod ng makalamang tabing na sinusubukang magpanggap, na sinusubukang sumali sa iglesia, hindi mga Metodista, mga Baptist, mga Presbyterian na pinagsama-sama, kundi mga iglesiang Pentecostal. Ito ay isang bagay na pang-indibiduwal; ito'y ikaw at ang Diyos. Kailangan mong pumasok, hindi ang iyong pangkat, hindi ang iyong iglesia, hindi ang iyong pastor, kundi ikaw ang kinakailangang pumasok.

Nais kong pansinin ninyo ang isa pang katangian ni Moises. Nang siya ay lumabas, dahil sa kaniyang pagiging propeta, dahil sa kaniyang pagiging isang dakilang lalaki na siya na nga, nang siya'y lumabas na taglay ang Salita, nakita ng mga tao na siya ay nabago. May kung anong nangyari sa kaniya. Nang siya ay

lumabas na taglay ang napatunayang Salita ng oras na iyon, ang mga Kautusan, siya ay isang taong nabago. At gayon din kayo kapag nakalabas na kayo mula sa makataong tabing na pinagtatawanan ang isang pagtitipong tulad nito, na isang taong matitisod sa Makalangit na pagpapagaling, at magsasabing, “Ang mga araw ng himala ay lipas na.”

Lumabas ka mula sa likuran ng makataong tabing na iyon, ang makatradisyong tabing, at bawat isa ay makaaalam na may kung anong nangyari sa iyo.

Katulad ng ating pinagpipitagang Kapatid na Jim Brown, sa aking palagay na karamihan sa mga Presbyterian o—ay nakaaalam na mayroong nangyari sa kaniya, sapagkat siya—siya ay nagmula sa likod ng isang makatradisyong tabing. May nakita siyang kung ano sa mga taong umakit sa kaniya, at siya ay lumabas mula sa likod ng tabing. Puwes, ikaw... Kapag ikaw ay lumabas mula sa likod ng tabing, ikaw ay malalantad sa pananaw ng mga tao, kung magkagayo’y makikita nilang may nangyari sa iyo. Ang Salitang natatabingan sa hindi mananampalataya, subalit lantad sa pananaw ng mananampalataya: si Jesus Cristo, ang kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Noon iyon ay ang Diyos...Sa mga araw na iyon ito’y ang Diyos na nasa isang tao, ang Kaniyang Anak, si Jesus Cristo. Nananampalataya tayo diyan. Hindi lamang isang propeta, hindi lamang isang karaniwang lalaki, karaniwang tao, Ito ay Diyos na kay Cristo, ang Diyos, na nasa isang tao, ang kapuspusan ng Pagkadiyos ng laman sa isang tao. Ang Diyos, na nasa isang tao; ngayon, ito’y ang Diyos na nasa mga tao. Kita n’yo? Ang kapuspusan ng Diyos sa Pagkadiyos sa laman sa kabuuan ng Kaniyang Iglesia, ipinahahayag ang Kaniyang Sarili, isinasakatuparan ang Kaniyang Salita.

Ngayon, nalaman natin, na sa lahat ng kapanahunan, ang Diyos ay mayroong balat diyan. Kita n’yo? Ang Diyos ay naitago sa likod ng isang tabing. Ito ay nagpapaalala lang sa akin ng isang—isang munting kuwento na nangyari sa gawing Timog. At nangyari, mayroon doong isang tahanang Cristiano. At itong—dito sa tahanang Cristianong ito ay nananampalataya sila sa Diyos, at sila-silay nag-isip na—na pangangalagaan sila ng Diyos mula sa lahat ng pagkabagabag; at Kaniya namang ginagawa. At mayroon silang isang munting Junior (isang munting batang lalaki na mga pito o walong taong gulang), at—at siya ay dumadalo sa Panlinggong Paaralan at siya ay isang munting batang napakabait; ngunit siya ay natatakot sa bagyo, lalo na kapag kumikidlat.

Nang sabihin ko ito sa isang lalaki noong isang araw, nang ang lathalaing tungkol sa lalaking ito na napagaling ay lumabas,

ang ministrong ito rin ang nagsabi, "Ginagawa ka nilang isang diyos, Kapatid na Branham."

Mangyari, siya ay isang kritiko, kung kaya inisip kong hahayaan kong—medyo ibulalas ito nang bahagya, hindi upang makasakit, alam n'yo, kundi upang medyo . . . Ang sabi ko, "Iyan ba ay napakalayo sa Kasulatan upang magkagayon?" Kita n'yo? Ang sabi ko, "Hindi, hindi iyon." Ang sabi ko, "Sapagkat tinawag ni Jesus na diyos ang mga propeta." Kita n'yo? Iya'y tama. Ang Diyos . . .

At sinabi nila, "Aba, kayong mga tao inilalagay ninyo ang inyong sarili sa lugar ng Diyos."

Iya'y hindi napakalayo; Iyang-iyan na nga. Iya'y akmang-akma! Ang Diyos na naipahayag sa laman, gaya ng Kaniyang ipinangako.

Ang munting pamilyang ito, nalaman natin na . . . Sinabi ko sa kaniya ang tungkol sa munting kuwentong ito (at ito'y naalala ko ngayon lang), yaong isang gabi na may dumating na bagyo, at sinabi ng Nanay kay Junior, ang sabi, "Ngayon, umakyat ka na sa itaas, Anak, at pumunta ka na sa kama mo."

Aniya, "Inay, natatakot ako." Aniya . . .

"Walang anumang mananakit sa iyo. Pumanhik ka na at pumunta ka na sa kama mo."

Ang Munting si Junior ay nahiga roon, at ang kidlat ay kumikislap sa paligid ng mga bintana, at lubhang kinabahan ang munting bata. Ikinubli niya sa ilalim ng kumot ang kaniyang ulo, at naririnig pa rin niya ang—ang kidlat—o nakikita pa rin niya ang kidlat na kumikislap sa mga bintana, at—at naririnig ang kulog na dumadagundong; kaya't ang sabi niya, "Inay!"

At aniya, "Ano'ng kailangan mo, Junior?"

Ang sabi, "Pumanhik ka dito at tabihan mo ako sa pagtulog!"

Kaya siya ay umakyat sa hagdanan, gaya nang gagawin ng isang mabuti't, matapat na ina; at siya ay umakyat, at niyakap niya ang munting si Junior sa kanyang mga bisig, at sinabi niya, "Junior, nais ni Nanay na kausapin ka sandali."

Aniya, "Opo, Inay."

Aniya, "Ngayon, kailangang itanim mo ito sa iyong isipan. Tayo ay palaging pumupunta sa simbahan; nagbabasa tayo ng Biblia; nananalangin tayo; tayo ay isang pamilyang Cristiano; nananampalataya tayo sa Diyos." At ang sabi, "Nananampalataya tayo na sa mga pagbagyo at anuman ang mangyari, ang Diyos ang ating proteksiyon."

Aniya, "Inay, naniniwala ako sa lahat ng mga iyan, ngunit," ang sabi, "kapag napakalapit ng kidlat na iyan," ang sabi, "ang—ang nais ko ay isang Diyos na may balat."

Kaya sa—sa aking palagay, hindi lamang si Junior, kundi lahat tayo ay gayon ang nararamdaman. Kapag tayo ay nagtitipun-tipon, kapag tayo ay nananalangin para sa isa't—isa . . . Ang Diyos na may balat sa gayon.

At nalaman natin dito na laging nababalutan ng balat ang Diyos. Nang Siya ay makita ni Moises, mayroon Siyang balat; Ang katulad niya'y isang tao. Nang ang Diyos ay nasa likod ng mga tabing, mayroon siyang balat sa kaniyang sarili. At ang Diyos, ngayong gabi, sa Kaniyang Iglesia ay nalalambungan sa Kaniyang Iglesia na may balat sa kaniyang sarili. Siya pa rin ang di nagbabagong Diyos ngayong gabi. Alam natin iyan.

Ngunit ngayon, tulad ng kailanman, ang tabing na balat ang siyang sumasalo sa mga tradisyon. Hindi sila basta makapaniwala na iyon ay ang Diyos na nagpapakilos sa mga taong iyon nang gayon. Kita n'yo? Ito'y sapagka't nalalambungan ang Diyos sa Kaniyang Iglesia, sa balat—yaong balat na iyan. Iya'y tama. Siya'y natatago sa mga hindi mananampalataya, at nahayag sa mananampalataya. Opo, ginoo!

Ngayon, kapag ang tabing ng tradisyon ay—ng—ng mga tradisyon ng mga matatanda at ang Salita ay lumagos (o, mangyari pa, ngayon), kung magkagayon ito ay malinaw na nailalantad, nakikita natin Siya, ang Pagkadiyos ay muling natatalukbungan sa makataong laman. Ang Hebreo 1 ay nagsabi, at gayon din ang Genesis 18. Alalahanin ninyo na ang Diyos ay isang tao, nakatayong kumakain doon at nakikipag-usap kay Abraham, at sinabi kung ano'ng ginagawa ni Sarah sa likod ng kubol. At si Jesus ay nagsabi, "Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, gayon din naman sa pagdating ng Anak ng tao," ang Pagkadiyos ay muli na namang nalambungan ng laman ng tao.

Ngayon alalahanin, si Jesus ay hindi nagsabi, "Kapag ang *Anak ng Diyos* ay ipinahahayag," sa Lucas ika-17 kapitulo, sa aking paniwala, at sa bandang ika-20, ika-21 talata, sa gawi roon; sinabi Niya, "At kapag ang Anak ng tao ay ipinahahayag," ang Anak ng tao ay nagbalik sa—sa—sa Iglesia muli, ipinahayag sa mga tao, hindi ang Anak ng Diyos, kundi ang Anak ng tao muli, nagbalik muli sa Kaniyang Iglesia sa mga huling araw. Nalaman natin na ipinangako Niya iyan sa mga pangako ng Diyos.

Mapapansin natin ang isa pang bagay. Sa Lumang Tipan (mayroon akong isang Kasulatan dito sa Exodo) na yaong mga lumang balat ng hayop . . . Ano'ng ginawa nito? Itinatago nito ang kaluwalhatian ng Diyos sa mga tao—ang balat ng hayop . . . Ang dahilan kung bakit hindi Ito makita ng mga tao, ay sapagkat ang humahawak Dito ay balat . . . Ang balat ay . . . Ang kaluwalhatian ng Diyos ay nasa likod ng balat. At ngayon, ang

kaluwalhatian ng Diyos ay nasa likod ng inyong balat (iya'y tama!), at hindi ito nakikita ng mga tradisyon. Nasa loob ng tabing kung saan naroroon ang Kaniyang Salita.

Ano ang nasa loob ng mga balat na iyon, sa likod niyon, ang mga lumang balat ng hayop, na walang angking kagandahan upang ito ay nasain natin? At nang Ito ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin, wala pa rin Itong anumang kagandahan upang Ito ay ating naisin. At ngayon, ang gayong bagay ay ganoon pa rin ngayon. Walang anuman sa isang lalaki o babae na maaaring naisin, ngunit ito'y kung ano'ng nasa likod niyaon. Iyon na nga iyon.

"Aba," sasabihin n'yo, "alam kong ang lalaking iyan ay dating lasenggo. Dati niyang ginagawa ang *ganito*." Hindi mahalaga sa akin kung ano'ng ginawa niya dati. Ano'ng nakatago sa likod ng balat na iyon? Ano'ng nasa likod nito, iyon ang mahalaga, iyon ang . . . Ang mga tao'y binulag; binubulag ng balat ang mga tao. Kita n'yo? Sasabihin nila, "Naaalala ko ang babaeng iyon ay dating . . . "

Alam ko kung ano siya dati, ngunit ano na ngayon? Kita n'yo? Ang mga balat na iyon na dating nasa hayop, ngunit ngayon, ikinukubli nito ang kaluwalhatian ng Diyos, itinatalaga ito sa likod nito. Ito'y nasa hayop noon, ngunit ngayon, ibinabahay nito ang kaluwalhatian ng Diyos.

At kaya ang inyong balat ay maaaring mapalitan ngayong gabi, upang maging isang dakong pananahanan ng Diyos, ang Diyos na nananahan sa sangkatauhan.

Tingnan, ang mga lumang balat ng hayop, napag-alaman nating sa likod nito ay—ang nasa loob nito ay ang Salita. At ang Salita . . . Naroon din ang handog na tinapay. Ang arka ay winisikan. At ano ba ito? Ang kaluwalhatiang Shekinah ay naroon.

Ngayon, ang Salita ay isang Binhi, at hindi Ito maaaring makapamunga hanggang sa ang—Ito'y masikatan ng araw. Kailangang masikatan ng araw ang binhi upang ito ay mamunga, upang ito ay mailabas. At iyan lang ang tanging paraan upang matanggap ninyo ang Salita. Kita n'yo? Tanggapin ang Salita ng Diyos sa inyong puso at lumakad patungo sa kaluwalhatiang Shekinah. At kapag ito'y nagawa mo, ito'y magdadala ng handog na tinapay na mana na ipinagkaloob lamang sa mga taong nakabukod. Ang tanging makakakain nito, na pinahintulutang kumain nito, ay ang mga taong may pahintulot.

At pansinin, si Pablo ay nagsabi rito, "Nagbabago mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian." Nakikita ba ninyo? Sa wakas ito ay dumating sa kaniyang—bumalik sa kaniyang dating kaluwalhatian. Ito'y katulad lamang ng isang binhi ng isang *pang-umagang luwalhati*. Ang binhi ng isang bulaklak,

ito'y nahuhulog sa lupa. Ang binhi ng mais ay nahuhulog sa lupa. Ano'ng unang nangyayari? Ito ay lumalabas, at ito'y isang munting usbong; 'pagdaka'y nagiging isang ubod. Pagkatapos mula sa isang ubod nagbabalik sa orihinal nitong butil.

Aba, ganiyang-ganiyan ang ginawa ng Iglesia. Ito ay nagmula kay Luther, Wesley, at ngayon, pabalik sa dating butil, pabalik sa dati Nitong kaluwalhatian, pabalik sa kaluwalhatian Nito noong pasimula. Ang araw na sumikat sa Silangan ay siya ring araw na nagpapakita ng gayon ding bagay sa Kanluran, nagpapalit mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian.

Ito ay napalitan mula sa pagano patungo kay Luther, at mula kay Luther patungo kay Wesley, at mula kay Wesley patungo sa Pentecostes, at tuluy-tuloy, nagpapalit mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, na nakapagbubunga ng nakatagong mana. At ngayon, ito'y hinog na upang ibalik Siyang muli nang gayung-gayon tulad ng Siya ay gayon noong pasimula, ang Kaniyang gayon ding ministeryo, ang siya ring Jesus, ang siya ring kapangyarihan, ang siya ring Espiritu Santo. Ang siya ring Isang iyon na bumaba noong Araw ng Pentecostes ay siya ring Espiritu Santo na ipinahahayag ngayong araw na ito, mula sa kaluwalhatian, patungo sa kaluwalhatian, sa kaluwalhatian, at naibalik sa orihinal na binhing taglay ang Bautismo ng Espiritu Santo, na taglay ang siya ring mga tanda, siya ring mga kababalaghan, siya ring bautismo, siya ring uri ng mga taong kumikilos sa gayon ding paraan, na taglay ang siya ring kapangyarihan, ang siya ring pakiramdam. Ito'y mula sa kaluwalhatian patungo sa kaluwalhatian. At ang kasunod ay mapapalitan mula sa kaluwalhatiang ito patungo sa isang katawang katulad ng sarili Niyang Katawang maluwalhati kung saan makikita natin Siya. Nakita ni Abraham ang gayon.

Ngayon, pansinin. Nakita natin kung paano ito napalitan. Mula pa sa Kalbaryo ay naanyayahan na tayong makibahagi sa Kaniyang kaluwalhatian. Ngayon, sa I Corinto 12, "Tayo ay binautismuhan sa Kaniyang Katawan." Sa pamamagitan ng iisang Espiritu ay nangabautismuhan tayong lahat, hindi sa pamamagitan ng isang tubig, sa isang Espiritu tayong lahat ay nangabautismuhan. Iya'y tama. Ngayon. At pagkatapos, tayo ay magiging bahagi Niya. (Umaasa ako na hindi ko kayo naaabala nang matagal. Kita n'yo? Sana nama'y ako'y hindi.)

Ngunit ito'y tila baga isang dakilang konsiyerto na tinutugtog—o kaya'y pagganap sa isang dula. Wala akong gaanong alam tungkol sa mga konsiyerto o dula, ngunit pinanood ko itong dulang ito, ang sinasabi ko'y ang tungkol sa, *Carmen*, nang ang aking anak na babae at ang iba pa sa kanila ay gumanap dito. At sila—at sila ay gumaganap sa konsiyertong ito, sa *Carmen*. Sila ay gumaganap . . . Ang musika ay—ay—ay gumaganap rin ng gayong bagay. Ganiyan din naman ito kapag kayo ay nabautismuhan ng Espiritu Santo kay Cristo.

Ngayon kita n'yo, marami sa inyo ang nakabasa o nakapakinig ng kuwento ng dakilang kompositor na Ruso na siyang lumikha ng *si Pedro at ang wolf.* At kung paano niya—isinadula nila ito sa pamamagitan ng mga simbolo at lahat ng bagay. At sinumang nakaaalam ng kuwento, na nagbabasa nito mula sa isang papel, at nakarinig ng tugtuging iyon, kung paano itong naisagawa, ang dula, habang ito'y isinasadula, aba'y, alam nila ang bawat pagbabago. Maaari nilang tingnan ito rito at makita ang pagbabago. Ngunit ngayon, ano'ng mangyayari kung ang—kung ang kompositor ay sumulat ng isang bagay, at nakita nating hindi ito naisadula ng tama? Nalalaman natin noon na mayroong isang bagay na nangyari; mayroong kung anong kulang. Kapag nakita natin sila . . . Siya na lumikha nito ay—ginawa ito, at isinulat ito, at pagkatapos, ang mga manunugtog ay tinutugtog ito, at tumama sa maling nota; mayroong kung anong mali. Nagbigay ng maling hudyat ang direktor. Kita n'yo?

At iyan ang nangyayari ngayon, mga kapatiran kong Lutheran, mga kapatiran kong Baptist, mga kapatiran kong Pentecostal, lahat ng aking mga kapatiran mula sa iba't-ibang mga denominasyon; iyan na nga iyon. Kita n'yo? Pinipilit ninyong magbigay ng isang nota na ginamit noon pang mga araw ni Luther, ni Wesley, katulad niyaon, nang ang—sa katunayan ay ipinakikita ng Piyesa ng Musika dito na ibang araw na ito. Kita n'yo, kita n'yo? Hindi tayo maaaring mamuhay sa liwanag ni Luther; siya ay isang reformer. Pinagpapahalagahan natin ang kaniyang—kaniyang bahagi, ngunit naisadula na natin iyon. Tayo'y narito na sa likod ng Aklat ngayon. Kita n'yo? Hindi natin—hindi natin maaaring isadula ito nang gayon.

Ngayon, ang tanging paraan na maaari ninyong magawa ito, mga kapatid ko, ay ganito . . . At mga kapatid sa sanlibutan (sa mga iba't-ibang bahagi ng mundo, masasabi ko), mayroon lamang isang paraan para riyan—para gawin ng direktor na iyan. Kailangang siya ay mapasa gayon ding espiritu na kinaroroonan ng kompositor, kung magkagayo'y makukuha niya ito. At kapag ang Iglesia, ang tugtugin mismo (na kung saan ang sanlibuta'y nagmamasid para sa mga tanda at kababalaghang ito), kapag ang Iglesia, at ang Kompositor, at ang direktor ay pawang napasa-Espiritu ng Kompositor, kapag sinabi nilang, "Ang mga araw ng himala ay lumipas na," ito'y masisintunado. Ngunit kapag ito ay nalagay sa tamang indayog nito at sa tamang espiritu nito . . . Paano mo gagawin ito hanggang sa bumaba ang Espiritu NG Kompositor? Amen!

Pagkatapos kapag sinabi ninyong, "Ang mga araw ng himala ay hindi kailanman lumipas," ang manunugtog ay sisigaw ng, "AMEN!"

Kapag tinugtog natin na, "Si Jesus Cristo, ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," ang manunugtog ay sisigaw ng, "AMEN!"

"Tatanggapin ninyo ang kapangyarihan pagdating sa inyo ng Espiritu Santo"; sisigaw ang manunugtog, "AMEN! Natanggap ko na ito." Wala nang anumang mga panghuhula tungkol dito kung magkagayon; ang buong tugtugin ay may pagkakaisa sa Salita. Basta't nagtuluy-tuloy [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay upang ilarawan ang isang tuluy-tuloy na pagkilos o paggalaw—Ed.]. Ganiyan nga. O, ito'y isang bagay na napakagaling. Ang direktor at ang Kompositor ay kailangang nasa parehong espiritu, at gayon din dapat ang mga musikero na nasa gayon ding Espiritu upang maisaganap lahat ito. At ang sanlibutan ay nagtataka kung ano'ng nangyayari.

Ang komunismo, na pinag-uusapan nila—at ako'y nanawa na rito—at lahat ng pagsasamang ito, at lahat-lahat na, at ang pagbubukod . . . O, habag! Napaka—lahat ng walang kabuluhang ito; samantalang napakalapit na ng pagdating ng Panginoon! Mayroong isang bagay na mali ang dating. Ako'y nangangamba na ang direktor ay—ang mga direktor ay lumabas na sa Espiritu ng Kompositor.

Kapag nakuha natin ang Espiritu ng Kompositor, ang dating kapangyarihang iyon ng Diyos (na isinaad ng Biblia ang tao noong una ay ikinilos ng Espiritu Santo upang isulat ang Bibliang ito), makikita ninyo ang dalawang pirasong papel ng Intsik na magkakalakip katulad ng kung paano magkakalakip ang Biblia ng Diyos at ang isang mananampalataya; sapagkat kapuwa sila nasa iisang Espiritu, sila'y kapuwa nasa iisang bagay. Sila'y nagkakalakip nang husto.

Ang kailangan natin ngayon ay mga direktor. Iya'y tama. Pabalik sa Salita. Magbalik at sampalatayan Ito kung ano ang sinabi Nito.

Kapagdaka ay makikita ninyo ang Diyos, Siya mismo; iyan ang pag-aalis ng tabing; ang dula ay naging totoo. Ngayon sasabihin nila, "Aba, Siya'y isang Diyos ng kasaysayan. Alam naming tinawid Niya ang Dagat na Pula. Ginawa Niya ang lahat ng ito, at Siya'y nasa—sa mabangis na hurnong nagniningas kasama ng mga batang Hebreo." Ano'ng buti ng isang Diyos ng kasaysayan, kung Siya—kung Siya ay hindi na gayon ngayon?

Ang tao ay patuloy na niluluwalhati ang Diyos dahil sa Kaniyang ginawa, iniisip kung ano ang Kaniyang gagawin, at winawalang bahala kung ano ang Kaniyang ginagawa. Iyan ay sadyang nasa tao upang gawin iyon, at ganiyan din ngayon, mga kapatiran ko; ito'y ganitong ganito rin.

Ay, naku! Bumalik tayo at patugtugin nang tama ang tugtugin, kung saan ay makikita ng sanlibutan. Si Jesus ay nagsabi, "Kung Ako'y maitataas mula sa lupa, ang lahat ng mga tao'y palalapitin Ko sa Akin." At Siya ay Siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Hayaan ang mga direktor na maparoon sa tamang Espiritu kasama ng mga musikero at kasama ng Kompositor, ang lahat ay magiging tama. Pagkatapos tayo'y—wala nang panghuhula tungkol dito, tayo ay makikilalang kasama Niya doon. Sa Hebreo 13:8, "Siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman."

Tayo'y napagkilalang kasama Niya sa mga Gawa 2. Tayo'y napagkilalang kasama nila, na may gayon ding bautismo, gayon ding bagay. Lahat ng Siya noon, at lahat ng Siya ngayon, lahat ng Siya noon, at lahat ng Siya ngayon, ay gayon tayo. Iya'y tamang-tama.

Katulad ng, kung nais kong maging isang tunay na Amerikano, kailangang mapagkilala ako sa lahat ng kung ano siya dati, lahat ng kung ano siya. Kailangang mapagkilala akong kasama niya, kung ako'y isang tunay na Amerikano. Kung ako'y isang tunay na Amerikano, kung gayon ako ay lumapag sa Bato ng Plymouth. Amen! Ginawa ko, kung ako'y isang Amerikano. Ganoon din kayo; kayo ay lumapag sa Bato ng Plymouth kasama ng ating mga ninunong manlalakbay. Sa ibabaw ng Bato ng Plymouth, nang lumapag sila roon, ako'y kasama nila; ganoon din kayo, at lahat tayo.

Ako ay sumakay kasama ni Paul Revere sa mismong lansangan upang magbabala ukol sa panganib. Iya'y tamang-tama. Dito mismo sa Valley Forge, ay tinawid ko ang nagyeyelong Delaware kasama ang ilang mga sundalong kalahati sa kanila'y walang suot na sapatos. Ako'y nanalangin muna buong magdamag kasama ni George Washington. Tinawid ko ang Delaware na taglay ang isang pangitain sa aking puso. Tayo ay mga Amerikano. Opo Ginoo! Sa Valley Forge, ay tiyak kong ginawa ko ito.

Ibinalik ko ang pasasalamat kasama ng mga orihinal na mga amang nagbigay ng Pasalalamat; ibinalik ko ang pasasalamat sa Diyos. Kung ako'y isang tunay na Amerikano, ako ay napagkilala doon sa mesang iyon. Kung ako'y isang tunay na Amerikano, ako'y napagkilala nang ako'y tumayong kasama si Stonewall Jackson. Kung ako'y isang tunay na Amerikano, ako'y napagkilala sa Boston Tea Party (opo Ginoo!) nang tayo'y tumangging magkaroon ng mga bagay na nahilang patakip sa ating mga mata. Nang—ako ay isang tunay na Amerikano, ako'y napagkilala roon sa pamamagitan niyan. Opo Ginoo! Ay, naku!

Pinatunog ko ang Kampana ng Kalayaan noong unang ika-4 ng Hulyo ng 1776. Pinatunog ko ang Kampana ng Kalayaan dito at ipinahayag kong tayo ay malaya. Upang maging isang tunay na Amerikano, kailangang gawin ko ito. Ako'y napagkilalang taglay ang kaniyang kahihiyan sa Himagsikan, nang ang kapatid ay lumaban sa . . . Kailangang dalhin ko ang kaniyang kahihiyan, kung paanong dinadala ko ang kaniyang kaluwalhatian. Kung

ako'y isang Amerikano, kailangan kong maging ganito. Ako ay napagkilalang kasama niya. Opo Ginoo!

Ako ay napagkilala sa Gettysburg doon, nang magtalumpati si Lincoln. Opo Ginoo! Naroon ako sa Pulo ng Wake, sa ibabaw ng mga katawan ng duguang kawal. Ako'y bumangon sa Pulo ng Wake. Sa Guam, tumulong akong itaas ang bandilang iyon. Ako'y isang tunay na Amerikano. Amen! Lahat ng kung ano siya, ako iyon, at ipinagmamalaki ko ito. Oo, talagang-talaga! Lahat ng kung ano ang Amerika, lahat ng kung ano siya, ako'y gayon din upang maging Amerikano. Lahat ng kung ano siya, kailangang maging ganoon ako, sapagkat ako'y napagkilalang kasama niya.

Gayon din sa pagiging isang tunay na Cristiano. Kailangan kayong mapagkilalang kasama nito. Ako'y nangaral kasama ni Moises at nakipaglaban-. . .kasama ni Noe at binalaan ang mga tao ukol sa darating na paghuhukom, upang maging isang tunay na Cristiano. Kasama ako ni Moises sa nagbabagang palumpong; nakita ko ang Haligi ng Apoy; nakita ko ang Kaniyang kaluwalhatian. Ako'y kasama ni Moises doon sa ilang. Upang maging isang Cristiano, kailangang mapagkilala akong taglay ang lahat ng kung ano ang Diyos, upang maging isang Cristiano. Nakita ko ang Kaniyang kaluwalhatian; narinig ko ang Kaniyang tinig. Huwag mong subuking ngayon na ipaliwanag ito nang kakaiba sa akin, 'pagkat ako'y naroroon. Alam ko kung ano'ng sinasabi ko. Nakita ko kung ano'ng nangyari. Opo, Ginoo!

Ako'y nasa Dagat na Pula nang makita kong bumaba ang Espiritu ng Diyos at hinati ang tubig mula sa isang panig, hindi mula sa isang bungkos na tambo, na tulad ng pinipilit nilang sabihin ngayon, kundi sa mga siyamnapung piyeng lalim ng karagatan. Nakita ko ang Espiritu ng Diyos. Naglakad akong kasama ni Moises sa ibabaw ng tuyong lupang iyon, patawid sa Dagat na Pulang iyon. Ako'y tumayo sa Bundok ng Sinai at nakita ang kulog at kidlat na tumutugis pababa. Kumain ako ng mana na kasama nila roon. Ako'y uminom mula sa Batong iyon; ginagawa ko pa rin ito ngayong gabi. Ako'y napagkilalang kasama ng mga kumakain ng— mana. Ako'y napagkilalang kasama nila na umiinom mula sa bato.

Ako'y napagkilala rin nang hipan ni Josue ang isang trumpeta at ang mga pader ng Jericho ay bumagsak. Ako'y naroroon sa kulungan ng mga leon kasama ni Daniel. Naroon ako sa mabangis na hurnong nagniningas kasama ng mga batang Hebreo. Ako'y nasa bundok—kasama ni Elias sa Bundok ng Carmel.

Ako'y kasama ni Juan Bautista at humarap sa mga kritikong iyon. Nakita kong bumababa ang Espiritu ng Diyos; narinig ko ang tinig ng Diyos na nagsasabing, "Ito ang sinisinta kong

Anak na Siya kong lubos na kinalulugdan upang panahanan." Opo, Ginoo! Ako ay tiyak na napagkilalang kasama niya. Iya'y tamang-tama.

Ako'y napagkilala roon sa libingan ni Lazaro ng bangunin Niya si Lazaro. Ako'y napagkilalang kasama ng babae sa balon nang tukuyin Niya rito ang kaniyang mga kasalanan. Opo, Ginoo! Ako'y tiyak na napagkilalang kasama Niya sa Kaniyang kamatayan. At ako'y napagkilala noong unang Pasko ng Pagkabuhay; ako'y nagbangong muli mula sa kamatayan na kasama Niya. Ako'y napagkilalang kasama Niya sa Kaniyang kamatayan.

Ako'y kasama ng mga 120 sa Silid sa Itaas. Ako'y napagkilalang kasama nila roon sa itaas. O, ako—ako ay nakakaramdam ng pagiging relihiyoso. Amen! Ako'y napagkilala roon. Ako'y isa sa kanila. Ako ay napagkilala; mayroon akong karanasang katulad ng sa kanila. Naroon ako nang ito'y mangyari, upang maging isang tunay na Cristiano.

Nasaksihan ko ang pagdating ng malakas na humahagibis na hangin. Nasaksihan ko iyon. Naramdaman ko ang kapangyarihan ng Diyos nang ito'y umuga. Kasama ako ng mga nagsipagsalita ng mga wika. Naramdaman ko ang pagkapahid na dumating doon. Kasama nila ako. Ako ay napagkilalang kasama nila nang ang Espiritu Santo ay nagpasimulang mangusap sa pamamagitan ng mga wika sa kanila. Kasama ako ni Pedro sa harap ng mga kritiko sa mga Gawa 2, nang ipangaral niya ang dakilang sermon na kaniyang . . . Ako ay napagkilalang kasama niya. Opo, Ginoo!

Sa mga Gawa 4, nang sila ay magkakasamang nagtipon, ako ay kasama nila nang mayanig ang gusali. Pagkatapos ng pulong panalangin, ang gusaling kinaroroonan nila ay nayanig; ako ay napagkilala roong kasama nila.

Ako ay nangaral kasama ni Pablo sa Burol ng Mars. Opo, Ginoo! Ako ay kasama ni Juan sa Pulo ng Patmos at nakita ang Kaniyang ikalawang pagdating. Ako ay kasama ni Luther sa Pagbabagong-anyo. Ako ay kasama ni Wesley, nang ang manunulsol na iyon ay maagaw mula sa apoy, nang mangyari ang dakilang pag-aaklas laban sa Iglesiang Anglicano; ako ay naroong kasama niya.

At narito ako ngayong gabi ng 1964, sa Philadelphia, Pennsylvania, napagkikilalang kasama ng gayon ding uri ng samahan, na may gayon ding karanasan. Kailangang maging ganito ako upang maging isang Cristiano. Ako ay kailangang manatiling napagkikilala kung saan ang Salita ng Diyos ay ipinahahayag.

Ako'y napagkikilalang kasama ng isang pangkat na nakararamdam ng Espiritu ng Diyos. Ako'y napagkilalang kasama ng isang pangkat na nakababatid na Siya'y naalisan

na ng lambong, na nakababatid na Siya'y gayon pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, at nakababatid na ito ay hindi isang panatisismo; ito'y si Jesus Cristo na Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ako'y napagkikilalang kasama sa pangkat na iyon na narito ngayong gabi, kahit pa sila'y tinawag na isang pangkat ng mga erehe, ngunit isang bungkos ng panatisismo dahil sa Salita ng Diyos. Ngunit hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, sapagkat ito'y ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan sa mga taong yaon.

Ako'y kasama nila, ang sinasabi kong mga buhay na liham, pinatunayan, Diyos na nalalambungan sa makataong anyo sa mga lalaki at mga babae. O, ang Diyos na nasa Kaniyang *en morphe* muli ay inilantad ang Kaniyang Sarili at ipinakilala ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang mga tao, ang dakilang Hari na isinaisantabi ang Kaniyang kaluwalhatian. "Kaunting panahon na lamang at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Ako ay malalambungan sa kanila, ngunit makikita ninyo Ako; sapagkat Ako'y makakasama ninyo, mapapasainyo hanggang sa wakas. Nagpapalit mula kay Luther hanggang kay Wesley ng, tuluy-tuloy, mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, Ako pa rin ang Diyos na iyon na—na magbabalik sa dating kaluwalhatian." Aleluia!

Winasak Niya ang bawat makadenominasyong tabing, bawat pangharang ng tunog. Ang tunog na iyon na nagsasabing, "O, iya'y panatisismo," Siya ay lumampas na roon.

Ang tunog na galing doon at nagsabing, "O, ang mga taong iyan ay baliw," Winasak na Niya ang tabing na iyon. Oo, ginawa Niya ito!

"O, hindi ninyo maaaring gawin iyan. Kayo'y walang-wala kundi isang bungkos lamang ng mga panatiko!" Winasak Niya iyon.

"Walang anumang bagay na tinaguriang makalangit na pagpapagaling." Siya ay tumagos na riyan (ay, naku!), sapagkat sinabi ng Kaniyang Salita na gagawin Niya. Hindi ninyo maaaring lupigin ang Salita ng Diyos.

At naroo't Siya ay nakatayo, ngunit ngayong gabi, ang dakilang Manlulupig, mula nang wasakin Niya ang bawat Metodista, Baptist, Presbyterian, bawat ibang uri ng tabing. Siya ay nakatayo pa ring kasama ng Kaniyang lipi ngayong gabi, hindi nalupig ng mga tradisyon. Sabihin na ng mga tao kung ano'ng nais nilang sabihin, gawin kung ano'ng nais nilang gawin, anumang nais nila; ang Diyos ay dumarating na winawasak ang pangharang na iyon ng tunog.

At alalahanin, sinasabi nila sa akin na kapag nalampasan na ng eroplano ang harang ng tunog na iyon ay walang hangganan ang magiging bilis niyaon. At sinasabi ko sa inyo, na kapag nawasak ninyo ang hangganang tradisyon, na "Si Jesus ay gayon

noon at hindi na Siya gayon ngayon," kapag nalaman ninyong Siya'y gayon pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, walang hangganan sa kung ano'ng maaaring gawin ng Diyos dito mismo sa pagtitipong ito, upang ipakita sa sanlibutang ito kung ano ang kanilang kailangan; hindi isang Pandaigdigang Perya, kundi isang pandaigdig na bagong kasiglahan na magpupuno at magbabautismo kasama ng Presensiya ng Buhay na Diyos: *en morphe* na nilalambungan ang Kaniyang Sarili ng makataong laman. Aleluia!

Naniniwala akong nawasak na nito ang bawat harang, ang bawat tabing. Ang bawat tabing, walang maaaring magtago ng Kaniyang Presensiya. Kapag ang tao'y nagutom sa kanilang puso, mayroong isang tabing na handang mawasak; maaasahan mo ito. Pipilasin ang bawat tabing sa pamamagitan ng Kaniyang dakilang Espiritu Santo. At narito Siyang nakatayo ngayong gabi, ang dakilang Manlulupig; Siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman; pinagagaling ang may karamdaman; binabautismuhan ang mga mananampalataya, gaya ng lagi Niyang ginagawa. Siya ang dakilang Manlulupig. Ang mga nasumpang diablo ay nagsisipagtakbo. Opo, Ginoo! Gayon silang lagi kapag Siya'y nasa paligid.

Sa pagtatapos, maaari kong sabihin ito. Mayroong isang . . . Nabasa ko ang isang salaysay maraming taon na ang nakalipas tungkol sa isang matandang biyulinista. At mayroon siyang lumang biyulin, at ito'y ipagbibili niya. (Ilang ulit n'yo nang narinig ang kuwentong ito.) At nais nilang ibenta ito sa isang takdang halaga. At ang taga-subasta ay nagsabi, "Sino'ng magbibigay sa akin ng *ganito—at—ganiyan*?" At naniniwala akong mayroong nag-alok ng ilang barya, marahil ay limampung sentimo o iba pa. "Pawala nang minsan, pawala sa pangalawa . . . "

Bigla na lamang, may isang lalaking tumayo sa likuran; aniya, "Sandali lamang." Lumapit siya at kinuha ito. Isipin natin na tinugtog niya ito:

> Mayroong bukal, puspos ng dugo,
> Sa mga ugat ni Emmanuel nagbuhat,
> Ang makasalanang inilulubog, sa ilalim ng baha
> Mawawala ang lahat ng mantsang pagkakasala.

Pagkatapos, nang ibaba niya ito, wala ni isa mang matang tuyo sa dakong iyon. Nang magkagayo'y sinabi niya, "Sino'ng mag-aalok . . . "

Nagsabi ang isa, "Limang libo."

"Sampung libo."

Walang maitumbas na halaga rito. Bakit? Ang—ang matandang may-ari ng biyulin ay inihayag ang tunay na uri

nito. O, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ngayon, hayaang ang May-ari ng Salitang ito na sumulat Nito, ang dakilang Espiritu Santo, na humahagod sa Kaniyang panghilis nang may pagmamahal at hatakin ito patungo sa inyong puso.

Mayroong bukal puspos ng dugo

Sa mga ugat ni Emmanuel nagbuhat . . .

Makikita ninyo ang buong halaga at makikita ang Diyos na naalisan ng lambong na malalantad, na Siya'y ganoon rin katulad nang Siya'y bumaba noong Araw ng Pentecostes sa mga tao, nang i-*kenos* Niya ang Kaniyang Sarili, ibuhos ang Kaniyang Sarili tungo sa kanila. Iya'y tama.

Sasabihin ninyo, "Kapatid na Branham, sinubukan ko na. Sinubukan ko na. Ginawa ko na *ito, iyon*, o *ang iba pa*."

Isang araw, ako ay may isang pagtitipon sa Carlsbad, New Mexico; at kami ay nagtungo doon sa isang malaki't lumang tirahan ng mga paniki roon; at ito'y totoong nakatatakot ang-itsura. At kami ay nagtungo roon; at ang—ang lalaki, nang siya'y makarating doon sa lugar na ito, kaniya-kaniyang pinatay ang mga ilaw. At ay naku, maguguni-guni ninyo kung gaano ito kadilim! Ito'y napaka—ito'y napakadilim na mararamdaman ninyo ito. At ganiyan na nga ang nangyayari sa mga panahong ito. Kapag nakita natin ang iglesia na nabibigong makilala ang Salita ng Diyos; kapag nakita ninyo ang ating mga anak na babae ng Zion na ginagawa ang kanilang mga ginagawa; kapag nakita ninyo ang mga kapatirang lalaki na naninigarilyo, at umiinom, at—at nagkukuwento ng malalaswang biro, at mga bagay-bagay, at patuloy pa ring nagpupumilit na tanganan ang kanilang patotoo kay Cristo (ay, naku!); ito'y madilim; ito'y ubod ng dilim.

Nakikita natin ang tanda ng Kaniyang pagdating. Mayroong . . . Laging nagiging napakadilim bago dumating ang umaga. Kapagdaka'y lumalabas ang Tala ng Umaga upang batiin ang umaga, at upang ipahayag ito at ipakitang ito'y parating na.

Pansinin! Doon sa loob, nang patayin nila iyon, mayroong isang munting batang babae na tumili nang napakalakas. At mayroong isang munting batang lalaking nakatayo sa tabi ng taga-akay. At nakita niya ang taga-akay na iyon nang patayin ang mga ilaw, nang gayon. At ang munti niyang kapatid na babaeng iyon ay halos susumpungin na. Siya ay nagtititili at naglululundag, "O, ano'ng susunod na mangyayari? Ano'ng nagaganap? Ano'ng nagaganap?"

Alam ninyo kung ano ang isinigaw niya? Ang sabi niya, "Huwag kang matakot, munting Kapatid na Babae. Mayroong isang lalaki rito na makapagsisindi ng mga ilaw."

Makinig, munting Kapatid na Babae, maaaring isipin mong tayo'y maliit at nasa minoriya, ngunit huwag mangamba. Mayroong isang Lalaki rito na makapagsisindi ng mga ilaw; iya'y ang Espiritu Santo. Nananampalataya ba kayo sa Kaniya?

Iyuko natin ang ating mga ulo sandali. Ipagpaumanhin ninyo kung napigil ko kayo. O, dakilang Diyos ng Langit, na nag-alis ng tabing sa Iyong Sarili, na naglaladlad ng Iyong Sarili, ipinakikilala ang Iyong Sarili bilang dakilang Hari ng Kaluwalhatian, tanggapin Mo ang mga mumunting paglalarawang ito ngayong gabi at hayaang ang mga ito'y mahulog sa puso ng mga tao. At nawa ay makita namin yaong Isang naalisan ng lambong, yaong Isang Iyon na bumaba at humapak ng tabing ng templo, at pagdaka'y, lumabas mula sa tabing na iyon, bumaba mismo sa mga makataong tabing muli noong Araw ng Pentecostes, na nanatiling gayon pa rin, nagpapalit mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian.

At ngayon, kami'y muling naibalik tulad ng pagkilos ng kalikasan, naibalik muli sa orihinal na binhi, nagmula sa isang kapanahunan ng iglesia tungo sa isa pa. At sa huling kapanahunang ito, narito't kami'y muling naibalik sa orihinal na bagay na bumaba noong Araw ng Pentecostes upang ganapin ang bawat Kasulatan, ang Liwanag sa panahon ng gabi, at, "Ang mga gawang ginagawa Ko ay inyo ring gagawin," at napakarami pang mga bagay na ipinangako Mo sa Iyong Salita.

Ama, kung mayroong isa rito na hindi pa kailanman nakalalagos sa tabing na yaon, o kung mayroong isa rito na nagpapanggap sa isang nakalampas na sa tabing, magkaloob ng biyaya ngayong gabi, Ama. Nawa'y makita nila ang dakilang Manlulupig na iyon na nakatayo rito, puspos ng biyaya at kapangyarihan upang magpatawad. Ipagkaloob Mo ito, Ama.

At habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon bang ilan dito . . .? Ilan ba ang (maaari ko bang sabihin iyon) magsasabi, "Kapatid na Branham, itinataas ko ang aking kamay. Ipanalangin mo ako"? Panatiliin lang na nakayuko ang inyong ulo at itaas ang inyong kamay. "Nais kong lagusin ang bawat tabing hanggang sa lubusan kong makita ang Manlulupig." Pagpalain kayo ng Diyos. Aba—ang mga kamay! Sa itaas ng mga balkonahe sa gawing kanan. Pagpalain kayo ng Diyos. Mga balkonahe sa likuran. Pagpalin kayo ng Diyos. Maging totoong matapat. Diyan sa kaliwa, itaas ang inyong kamay, sabihing, "Kapatid na Branham, maaaring naging isang Cristiano ako sa maraming taon, ngunit sa katotohanan, hindi ko pa nalalagos kailanman ang tabing na iyon. Hindi ko pa ito nagawa kailanman. Hindi ko pa natatanggap iyon, kung ano ang tinaglay nila noon."

Ngayon taglay na natin ito, "Ako'y isang halamang pinalaki sa mainit na punlaan." Kumuha ka ng isang halamang pinalaki

sa mainit na punlaan, kailangan mong sanggulin ito, haplus-haplusin ito, wisikan ito, diligan ito; ngunit yaong orihinal na halamang tumutubo roon sa ilang, iisang uri ng bulaklak, magkatulad niyan ang anyo; hindi man lang ito nakakuha ng kaunting tubig, ngunit walang dumadapong mga kulisap dito. Ito'y malakas. Ito'y totoong. . .

Maaari n'yo bang ihambing ang Cristianismo sa, Cristianismo ngayon, sa kung ano ito dati? Maguguni-guni mo ba ang pangkat na ito, na tinatawag nating mga Cristiano ngayon sa buong sanlibutan, na katulad ng mga yaong pagkatapos ng Pentecostes, sinasanggol, at tinatapik, at lumilipat mula sa isang iglesia patungo sa isa pa, at kapag may nasabi kang hindi nila nagustuhan ay magsisitayo sila't magsisilabas? At o, magununi-guni n'yo ba iyan? Hindi! Ano'ng dahilan? Ito'y isang kopya.

Si Michelangelo, na lumikha ng monumento ni Moises. . . Maaari kayong makakuha ng kopya noon sa napakamurang halaga, ngunit ang orihinal. . . Yaong gumuhit ng Hapunan ng Panginoon. . . Sa palagay ko ang orihinal na ipinintang larawang iyon ay aabot sa milyun-milyong dolyares, kung ito nga'y iyong mabibili. Hindi ko nga alam kung nasaan nga iyon. Ngunit makabibili kayo ng murang kopya nito ng mga $1.98. Kaya niyo.

At ganiyan na nga ang pamamaraan ngayon. Isang mumurahing Cristiano, isang kopya, isa lamang tagasapi sa iglesia, maaari ninyo silang mabili sa halaga lamang ng isang sigarilyo, o isang—o isang karaniwang inumin. O sa isang babaeng may ginupitang buhok, pinintahang mga labi, maaari ninyo siyang bilhin kapalit ng anuman sa mga uso sa sanlibutan, ngunit hindi ninyo mahihipo yaong tunay.

Nakikita ko Siya nang lubusan, katulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. O, Cristiano, ayaw mo bang maging isang tunay na Cristiano? Kung mayroon ditong hindi nagtaas ng inyong mga kamay, maaari ba ninyo itong gawin habang. . . Ako lamang ay mananalangin. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. O, iyan ay sadyang mainam. Tingnan lamang ninyo ang. . .

Aming Amang makalangit, hindi babalik sa Iyo ang Iyong Salita nang walang kabuluhan. Ikaw ang Siyang nangako. Ang tanging pananagutan ko ay ang pagsasabing sinabi Mo ito. Inuulit ko lamang ang Iyong mga salita. Sinabi Mo, "Siya na dumirinig ng Aking Salita at sasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan." Ipinangako Mo ito. At, Panginoon, batid naming may mga kopya ngayon, marami na nagsasabing sila ay mananampalataya gayong hindi naman sila; ito ay lumilitaw. Ngunit, Panginoon, mayroon din namang ilang totoo.

Dinadalangin ko na Iyong ipagkaloob dito ngayong gabi sa bawat lalaki at babae, batang lalaki o batang babae, ano mang bansa ang kanilang pinagmulan, anuman ang kulay nila, anumang iglesia sila kasapi . . . O, Diyos, puspusin Mo sila. Nawa ay makita nila ang tunay na pagpapahayag ng siya ring Jesus na iyon ngayon na kasama namin, katulad nang Siya ay nasa Araw ng Pentecostes nang ipinahayag Niya ang Kaniyang Sarili para sa kapanahunang ito, bilang Espiritu Santo. Ipagkaloob Mo ito.

Nakikita namin ang Salitang nagaganap, natutupad ang mga hula, inihahambing namin ngayon ang tinaguriang iglesia ng sanlibutan—o ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia, at inihahambing ito sa pangako sa Pentecostes; ito'y hindi mo maihahalintulad sa lahat. Hindi namin maaaring kunin ang maruruming damit naming linabhan sa tiket na iyon.

Ngunit, Panginoong Diyos, kung kami ay babalik sa Bukal na iyon, mayroong isang pamamaraan ng paglilinis. Kung magkagayon ang aming karanasan at ang Salita ng Diyos ay magkakatugma sa isat-isa; pagkatapos ay maaari na naming angkinin ang aming pag-aari. Ipagkaloob Mo ito, Panginoon, ngayong gabi, habang ipinagkakatiwala ko ang mga taong ito sa Iyong mga kamay. Ipagkaloob sa bawat isa kung ano ang aming pangangailangan, Ama. Humihiling kami sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain kayo ng Diyos. Salamat ng marami sa pagtayo, paghihintay nang matagal, at ikinalulungkot ko na ako'y nagtagal hanggang makalipas ang sampung minuto pagkalipas ng ika-sampu. Sumainyo ang Diyos hanggang sa makita ko kayo sa umaga. Ibabalik ko na ang gawain kay, sa palagay ko ay, sa tagapanguna ng mga gawain.

*ANG MAKAPANGYARIHANG DIYOS NA NALANTAD SA ATING HARAPAN* TAG64-0629
(The Mighty God Unveiled Before Us)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng umaga, Hunyo 29, 1964, sa Hotel-Bellevue-Stratford, ng Philadelphia, Pennsylvania, U.S.A., ay hinango mula sa isang magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 1996 ng:

TAGALOG

©1996 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org